# *Nagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Diyos Na Wala Sa Kalooban Ng Diyos*

Manatili tayong nakatayo ngayon ng panandalian habang tayo ay nananalangin. Iyuko natin ang ating mga ulo.

Panginoon, nagagalak kami sa umagang ito na makaparitong muli sa bahay ng Diyos, sa isa pang paglilingkod. At dalangin namin, Diyos, na Iyong ituwid kami ngayong umaga sa lahat ng aming mga kamalian. Ipakita sa amin ang mga landas na Iyong itinalaga na dapat naming lakaran. At bigyan kami ng Iyong biyaya't pag-ibig, upang maaari naming taluntunin ang mga landasing iyon at sundin ang mga tagubilin ng aming buong puso, na nawa'y masusumpungan kami, sa araw na iyon, kay Cristo, na walang kapintasan, dahil sumasampalataya kami, Panginoon, na nalalapit na ang Kaniyang pagpapakita.

2 Nakita namin ang lahat ng mga tanda na Kaniyang sinabing magaganap bago ang Kaniyang pagdating, na nagaganap na ngayon. At umaasa kaming may kagalakan sa sandaling iyon. Kung paanong inasahan ni Abraham nang unang panahon ang ipinangakong anak, at habang nakikita niya ang mga huling tanda ng Dios na bumaba sa lupa, kung ganon nalalaman niyang hindi na maglalaan hanggang sa pagdating ng anak. At ngayon nakikita natin muli itong mauulit. Sinabi sa atin ni Jesus na, "Kapag nagpasimulang mangyari ang mga bagay na ito," na itingala ang ating mga ulo, sapagkat ang ating—ating katubusan ay nalalapit na, "kaguluhan sa panahon, kahapisan sa gitna ng mga bansa, mga lindol sa iba't-ibang dako, dagat na nagngangalit, puso ng tao'y nanlulupaypay sa takot."

3 Napagtatanto naming narito na kami sa oras na iyan, na hindi alam ng mga bansa kung ano ang gagawin. Tila ba, isa na namang digmaan ang dumarating. Nakapanghihilakbot na bagay ang panahong iyon! Mundong nagbabatakan, sinasabi ng siyentipiko na mayroong kakila-kilabot na bagay. Nakikita nating nangungusap ang Biblia tungkol dito. Kung ganon iyon, Panginoon, tulungan mo kami sa araw na ito na tumayo dito sa bahay ng pagtutuwid, at tuparin ang mga utos mula sa aming Diyos, tahakin ang panahon ng kadaliman, at pakislapin ang Liwanag, maaaring ito na ang aming huling pagkakataong gawin ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at alang-alang sa Kaniya. Amen.

Makakaupo na kayo.

4 Ipinapalagay ko na isang malaking prebilehiyo, na maparito sa tabernakulo ngayong umaga. At ipagpaumanhin n'yo na wala kaming sapat na mapapaupuan, sa paligid, para sa inyo. At punong-puno ang lugar, at nakatayo kahit saan sa labas.

Kayong mga tao sa labas ngayon, mapapakinggan ninyo ito sa inyong mga radyo. Nakalimutan ko. . . [May isang nagsabi, "Limampu't-lima hanggang limampu't-pito."—Pat.] Limampu't-lima hanggang limampu't-pito. Kayong mga nasa labas, at doon sa mga paradahan, at sa mga lansangan, ay maaari n'yong pakinggan ito sa inyong mga radyo, sa pagitan ng limampu't-lima at limampu't-pito sa talapihitan ng inyong mga radyo. Kaya sinikap naming . . .

5 Ako'y nagbalik, manapa'y, dito, upang sikaping magkaroon ng mga sampung araw na pagtitipon, upang mangusap sa paksa ng *Ang Pitong Huling Mga Mangkok*. Sapagkat, sa pagitan niyaong mga Mangkok ay ang Mga Trumpeta. At sinasabi ko sa inyo doon sa. . . kung kailan ko ipapangaral ang tungkol sa Pitong Trumpeta, na tatalakayin ko ang mga iyon kasama ng Mga Mangkok at ang Mga Salot. At iniisip ko na magiging isang mabuting pagkakataon iyon. Kababalik ko pa lamang mula sa Africa, at—at hindi pa nakapagbabakasyon ang mga bata.

Ang aking maliit na anak na lalaki, si Joseph, ay nagka—nagkaroon ng parang kaunting. . . nangangailangan ng ilang linggo na pag-aaral sa kaniyang pagbabasa. Pumasa siya, mabuti, ngunit hindi umabot sa pamantayan. Kaya pinanatili namin siya sa Tucson, kaya, habang nasa Africa ako, at nagpatuloy sa kaniyang pagbabasa at nahabol niya ito, sa pamamagitan ng mga ilan pang-araw sa paaralan.

At pagkatapos kami ay bumalik. At naisip ko, habang nagbabakasyon ang mga bata, magkakaroon ako ng isang munting pagtitipon dito sa mga tao, at ipangaral ang mga paksang ito. Subalit nang dumating kami rito, napag-alaman naming hindi namin makukuha ang bulwagan ng paaralan.

6 At alam ko na ang tabernakulo ay hindi sapat na mapaupo ang mga tao, at gawing maginhawa sa paraang nararapat sa kanila kapag sila'y. . . kapag tinalakay ko ang Mensaheng ito, kaya naman kinailangang na—na gumawa tayo ng ibang pagsasa-ayos. At sa halip na magkaroon tayo ng—ng sampung gabi na siyang ating balak gawin, buweno, ginawa kong dalawang pagtitipon na lang ang araw ng Linggo; ang Linggong ito, yaong sunod na Linggo, ang kasunod pang Linggo, dalawang mga pagtitipon. Kaya, ni hindi na namin ipinaaanunsiyo ito.

At, kung ganon, kung mayroon mang makarinig sa anumang paraan na ang mga pagtitipon ay magsisimula sa ika-dalawampu't-walo, doon sa bulwagan ng paaralan, kung ipahihintulot ng Diyos, buweno, kung may mga kaibigan kayo

at mayroon nang mga reserbasyon sa mga motel, ako—aking—ipapawalang-bisa ito, kita n'yo, dahil sa—sa sila, hindi mabuti na upahan. Hindi nila makuha ang—ang mga bulwagan ng paaralan.

7 At ngayon nais kong mangusap, sa mga gawaing pang-ebanghelyo lamang sa Linggo ng umaga. At sa Linggo ng gabi ay gusto kong magkaroon ng pananalangin para sa maysakit. At nagtitiwala kami na kakatagpuin ng Diyos kayong mga taong maysakit. Hindi ko alam kung paano kayo aasikasuhin ni Billy; sa palagay ko, sa pamamahagi ng mga tarheta para sa panalangin, o ganon pa man, sa mga paraang pagkalinga sa kongregasyon. Subalit gagawin namin ang lahat naming makakaya upang maipanalangin ang bawat tao sa mga susunod na tatlong linggo na aming inilaan upang magkaroon ng pagtitipon, kung loloobin ng Panginoon.

8 At pagkatapos madalas ay mga personal na pakikipanayam, may mga taong gusto ko lamang makita sandali para sa isang bagay o isang bagay na tulad niyan. At magkakaroon kami . . . Ilan ba rito ang may gusto ng personal na pakikipanayam, tingnan natin ang inyong mga kamay. Naku! Sino ba ang ayaw? Kaya pagkatapos kami ay . . .

9 Tila ba mahirap abutin ang mga iyon, kaya isulat ninyo ang inyong mga kahilingan at ipadala ang mga ito, iabot n'yo kay Billy, nang sa gayon ay makukuha ko ang mga ito mula roon. At, ngayon, ipahahayag niya, sa pakiwari ko, sa mga tarheta para sa panalangin, kung kailan maipamamahagi ang mga ito.

10 Ilan ba sa ating mga kapatirang ministro ang naririto ngayong umaga? Hindi pa kami nagkakaroon ng pagkakataon para, hindi ko alam . . . Nakilala ba ninyo ang sinuman sa kanila? Ilan bang mga ministro ang narito ngayong umaga, maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay? O, tumayo kayo. Tingnan natin kung ilang mga ministro ang nasa kongregasyon ngayong umaga. Buweno, mabuti! Salamat sa Diyos sa mga taong ito. Mayroon sana tayong panahon na makilala ang bawat isa sa kanila, ngunit tiyak akong nakita ninyo sila. At kami . . . Alam ng Diyos ang kanilang mga paglilingkod, at dalangin namin na pagpalain sila ng Diyos ng masaganang pagpapala. At, walang pag-aalinlangan, marami sa kanila ang tinapos ang kanilang mga panambahan, para magpunta dito. Si Kapatid na Junior Jackson at, sa palagay ko, si Kapatid na Don Ruddell, at ang brodkast na ito ay maririnig doon sa kanilang mga simbahan. At pagkatapos, ganon din, doon, sa New York at sa iba pang mga lugar sa buong bansa, sa pamamagitan ito ng pribadong telepono sa loob ng bawat iglesya ngayong umaga.

11 Nagagalak akong makita si Kapatid na Richard Blair na nakaupo rito. Kababasa ko pa lang ng isang liham na nagsasaad ng isang napakadakilang bagay na ginawa ng Diyos

sa gitna ng mga tao roon. Noong isang araw iyon, sa aking pagkakaunawa. . .Maaaring mali ako, Kapatid na Blair; kung ako nga, itama mo ako. Gumagawa siya, na tinutulungan ang isang tao na talian ng kawad ang isang sasakyang panghakot o isang bagay, naniniwala akong ganon iyon. Binasa ko ang sulat. At kanilang binaliktad ang isang bagay, at, ganon pa man, dumaloy ang kuryente papunta sa tubig kung saan naroon ang isang munting batang lalaki, isang. . .ang—ang lalaki na may-ari ng sasakyang panghakot, ang kaniyang munting anak na lalaki, isang maliit na bata, at pinatay nito ang munting batang lalaki. At lumaki ang kaniyang tiyan. Alam natin ang nakukuryente, iyan, ganiyan sila kapag namatay, ganiyan ang nangyari. Nagsara ang maliliit niyang mga mata; at naglapat ang kaniyang mga ngipin.

12 Natakot ng husto ang mga kapatiran. Sinabi ni Kapatid na Blair na naisip niyang hanapin ako kung saan, upang maipanalangin ko, subalit naalala niyang iyon ay, "Saan man dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, ay naroon Ako sa kanilang kalagitnaan." At iginiit ng ama ang kaniyang mga daliri para piliting ipasok ang kaniyang mga daliri sa bibig ng munting batang lalaki, para mabuksan ito. At lumuhod sila at nagsimulang ipanalangin ang munting batang lalaki, at siyay muling nabuhay.

13 Totoo ba iyon, Kapatid na Blair? Isa sa ating matapat na kapatid dito. Oh, narito ang munting batang lalaki na iyon. Buweno, salamat sa Panginoon. Mabuti iyan. Gusto naming tumayo ka, sonny boy. Ngayon, pinasasalamatan natin ang mahal na Panginoon dahil dito. Iyon ba ang ama ng munting batang lalaki? Ikaw ba 'yong ama? Tama iyan. At narito si Kapatid na Richard Blair. Kayang gawin ng ating Diyos ang anumang bagay. Opo, ginoo. Ipinangako Niya ito. Namumuhay tayo sa Makalangit na Presensiya ng dakila, maluwalhati, na Makalangit na Ama. At lahat ng mga bagay na ating. . .ay posible kung mananampalataya lang tayo.

14 Nakikita ba ninyo kung ano ang magagawa niyon, kung anong kapakinabangan para sa buhay ng taong iyon ang pananampalataya roon? Iniligtas ang kaniyang munting anak na lalaki. Ngayon, may matatapat na mga lingkod ang Diyos doon, upang. . .Si Kapatid na Blair at ang iba sa kanila, upang ipanalangin ang munting batang lalaki nang naroon siya sa kalagayang iyon. Opo, kapag may anumang mangyari, pakatandaan, mga anak kayo ng buhay ng Diyos.

"Saan man dalawa o higit pa ang nangagkakatipon sa Aking Pangalan, naroon Ako." At muli ito'y nasusulat, "Siya ang palagiang tulong sa panahon ng kaguluhan." At kung kailan mayroon mang kaguluhan, ay yaong munting batang lalaki na nakahiga doon, patay na, nakalatag sa lupa, buhat sa isang kuryente na dumaloy sa kaniya. Kaya't pinasasalamatan natin

ang Diyos sa umagang ito, ng buong puso, dahil dito, sa mga bagay na ito na ginawa Niya sa atin.

15 Pagpalain nawa ng Diyos itong mga matatapat na kalalakihan, din. Sa panahon ng kagipitan iyon ang panahon upang tumawag sa Diyos. At hanapin Siya, at makipag- kaibigan sa Kaniya bago dumating ang kagipitan. Alam natin ito. Kung may pagsang-ayon tayo sa Diyos, makakahiling tayo ng anumang bagay sa Kaniya, tulad ng ginagawa mo sa ibang kaibigan, at Siya ang ay palaging handang tumulong sa panahon ng kagipitan.

16 Nakatagpo ko sa daan, kahapon, ang kapatid na babae ni Kapatid na John Martin. Ako ay . . . May isang nagpahinto sa akin sa daan, at may nagdaan at ikinaway ang kanilang kamay. Pauwi ng bahay, alam n'yo na, makikita mo kahit saan ang mga tao, naghihintuan at nagkakamayan, at iba pa. At ang babaing ito, naalaala kong tinawagan nila ako kamakailan, kung saan may bumangga sa likod, ng kaniyang kotse, binali nito ang kaniyang gulugod at lahat na mula sa itaas-at-ibaba. Mapaparalisa siya sa buong buhay niya. Nakaupo siya sa pagtitipon ngayong umaga, na nagpapakasaya sa Presensiya ng Diyos. Kakausap ko pa lang sa kaniya sa silid. Gusto kong maipanalangin siya, muli. At siya ay . . . Naririto lamang siya. Sa palagay ko'y hindi siya nakapasok sa loob.

Subalit, heto, siyanga, nakaupo siya dito malapit sa amin. Tama iyan. Maaari ka bang tumayo sandali, kapatid, para ang mga tao ay maaaring . . . Heto ang isang babae na sinabihan ng doktor, mga ilang araw na ang nakararaan, na hindi na makakalakad pa, baling gulugod at lahat na, mula sa isang banggaan—banggaan. At hayan, tumatayo siya, buong-buo.

Alam n'yo, ang sabi ng Biblia, "At wala silang anumang masasabi laban dito, 'pagkat nakatayo ang lalaki sa kanilang kalagitnaan." Tama iyan. Naririto ang isang munting batang lalaki na naibalik mula sa pagkamatay, at naririto ang babae na may baling gulugod, nakatayo ngayon sa ating kalagitnaan. Ito'y kagaganap pa lamang, kaya Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pagpalain ang Pangalan ng Panginoon! Gaano tayo kaligaya na mamumuhay ngayon sa Kaniyang Presensiya, at malaman na Siya ay laging handang tumulong sa panahon ng kagipitan.

Natutuwa akong makita si Kapatid na Vayle, si Kapatid na Martin, sa marami pang naririto sa umagang ito. Pagpalain kayo ng masagana ng Panginoon, mga kapatid. Ngayon ito'y . . .

17 Alam kong hindi masyadong malamig dito sa loob, kasama ang lahat ng mga taong ito, gayon pa man, nang umalis ako sa Tucson noong isang araw, mga nasa isang daan at apat o lima iyon. At halos maghahating gabi, nasa siyamnapu't-tatlo iyon, at napakabuti ng aking pakiramdam. At sa Parker ang sabi

nila nasa isang daan at apatnapu iyon, Biyernes iyon bago kami umalis. At iyong maiisip kung gaano na kainit iyon. Siyempre, nasa disyerto iyon.

18 At, ngayon, itong susunod na mga tatlong Linggo. Sa araw na ito, ika-labinglima, sa pakiwari ko, tama ba iyan, o ika-labing-anim; ika-labinglima, hindi ba? Ika-labingwalo pala, at sa ika-dalawampu't-walo, at sa ika-isa ng Agosto, (tama ba iyan?) Agosto. Sa ika-dalawampu't-lima . . . Ang ika-labingwalo, ika-labinglima, at ika-isa, ay may mga pananambahan sa tabernakulo. Huwag, alam n'yo, masyadong mag-alala tungkol doon, 'pagkat, nakita ninyo, hindi natin makukuha kung ano ang nakapaloob, kung ano ang naririto ngayon, na napaloob, alam n'yo, at lalo lamang lulubha ito. Bumalik na lamang kayo kung magagawa n'yo.

19 At saka narito ako para makipagpulong sa mga katiwala. Nararamdaman ko ang pagbabalewala at lahat nitong mga pagtanggi sa lugar na pagdarausan ng pagtitipon, lalo pa't inuudyukan akong gawin iyon. Kaya sa palagay ko ay aking itatanong kung sadyang hindi tayo maaring makakuha na lamang ng tolda at—at itatayo iyon, at manatili lamang doon, alam n'yo na. Lumabas tayo rito at dumako sa parke, o sa bukid, at lumipat mula sa isang lugar patungo sa isang lugar, habang pinangungunahan iyon ng Panginoon. At nadarama kong iyan ang Kaniyang gagawin. Alam n'yo, may isang pangitain tungkol diyan. At naisip ko marahil iyan ang dahilan kung bakit nangyayari ito . . . Ngayon, alam n'yo, sa napakaraming pagkakataon ay nakakatakot isipin dahil sa mga ganitong bagay na nangyayari, subali't, alam n'yo, maaaring iyon ay ang Diyos, kita n'yo, na dinadala kayo sa mga ganitong bagay. Kapag, sinabi Niya iyon, gagawin Niya iyon.

20 Mga ilang gabi na ang nakalipas, marami sa inyo, halos isang buwan na bago ako pumunta sa Africa, marami sa inyo marahil ang may teyp, sa mga taong nakakuha ng mga teyp, tungkol sa, *Ang Pagpili Ng Isang Nobya,* na naipangaral sa California. Sa mga huling ilang minuto ng teyp na iyon, hindi ko maala-ala maging ako'y naroon doon. Subalit bumaba ang Espiritu ng Panginoon sa ganong kaparaanan. Hinahatulan ko sila sa uri ng kanilang pamumuhay at mga gawa, at pagkatapos na maipangaral ang Ebanghelyo at maipahayag sa kanila ng lubusan. At bigla na lamang nangusap ang Espiritu Santo at ang sabi, "Capernaum," kita n'yo, "ang lungsod na tinatawag ang kaniyang sarili sa pangalan ng mga anghel," ang Los Angeles iyon, "nagpapakataas ka hanggang Langit, ngunit ibaba ka hanggang sa hades." Kita n'yo? At nang matapos iyon, aba, lumabas ako, at kasama ko si Kapatid na Mosley at si Billy. At ang sabi nila . . . Bumalik sila at tiningnan, at ang buong sahig ay puno ng mga nakahandusay na mga tao, at humihikbi ang mga ministro.

21 At pumunta ako at kinuha ang Kasulatan. Ang sabi ko, "May isang bagay na tulad niyan sa Biblia."

At si Jesus iyon na sinasaway ang Capernaum, lahat yaong mga lunsod sa tabing dagat na Kaniyang dinalaw. Bakit, sinabi Niya, "Capernaum, nagpapakataas ka hanggang Langit, ibaba ka hanggang sa hades." At sabi Niya, "Sapagkat kung sa Sodoma at Gomorra sana ginawa ang mga makapangyarihang gawang sa iyo'y ginawa, ay nanatili sana siya hangang sa araw na ito." At nang oras na iyon, ang Sodoma at Gomarra ay nasa ilalim na ng dagat.

At nang matapos iyon, marahil isang daang taon o katulad niyan, matapos manghula ni Jesus, ang Capernaum, ang tanging lungsod na nasa tabing dagat na Kaniyang dinalaw, nilubog ito ng isang lindol sa ilalim ng dagat. At alam ninyo iyan ang tahasang sagot sa California, sa Los Angeles.

22 At pagkatapos doon sa Tucson isang araw, kababalik ko lang, isang malakas na lindol ang naganap doon. At inilarawan ito ng mga siyentipiko sa telebisyon. Nasa mga pahayagan ito. Na, ang lupa, nong isang araw, nabiyak mula sa Aleutian Islands, o mula sa Alaska, sa palibot ng Aleutian Islands, mga dalawang daang milya palaot sa dagat, pumasok sa San Diego, papunta ng Los Angeles at lumabas sa San Diego. At nagbitakan iyon ng mga ilang pulgada. Maraming mga bahay ang nangabuwal. Maraming mga motel ang lumubog.

At ang mga siyentipiko sa lupong iyon ay—ay tinanong. Ang sabi, "Buweno, maaari bang babagsak iyan sa ibang araw?"

23 Ang sabi, "Maaari ba? Mangyayari iyon!" At ginamit niya ang mga katawagang pang-agham kung paanong ang kumukulong putik ay. . . Iyan ang sanhi ng mga paglindol na naganap, sa palibot ng San Diego at doon sa iba pa. Ito yaong mga lugar na hungkag. At ngayon ang lahat ng ito'y nagsimulang gumuho, tulad ng buhanging nagsiguho, at ngayon pumatag na ito. At nagbitakan iyon, ng mga ilang pulgada. Maaari silang gumamit ng radar at kagamitan, at sundan ang bitak, at tandaan ito. Alam ko kung saan iyon dati.

At nagbitakan iyon, mga ilang pulgada pa, marahil mga dalawa o tatlong pulgada pa muli nong isang araw, muli pagkatapos na pagkatapos maibigay ang hula.

At yaong mga nakipanayam sa mga siyentipiko, ay nagsabi, "Buweno, malamang na hindi ito mangyayari sa ating kapanahunan."

24 Ang sabi niya, "Maaaring sa loob ito ng limang minuto o limang taon; datapuwa't guguho ito."

25 Si Gng. Simpson, sa wari ko'y hindi natin kapiling sa umagang ito. O, nakikita ko si Kapatid na Fred na nakaupo dito, ngunit hindi ko alam kung nasaan si Gng. Simpson. Pumunta

siya at kinuha ang hula na aking inihula, tungkol sa 1935 o parang ganon nga, at ang sabi, “Darating ang panahon,” nasusulat ito sa aklat kung saan, “na maglalandas ang dagat doon sa disyerto.”

Tingnan kung ano ang mangyayari. Kung iyang libu-libong milyang parisukat ay babagsak roon sa kumukulong putik ng lupa, at gumuho roon, kung magkagayon ay milyun-milyong mamamatay sa isang pagkakataon. Magdudulot ito ng isang dambuhalang alon! Tandaan, tutuloy ito roon sa Salton Sea, na may isang daan o dalawang daang talampakan ang baba mula sa dagat. Malamang na ang tubig na iyon ay aabutin halos ang Tucson, kapag tatawid na ang dambuhalang alon na iyon roon. “At maglalandas ang dagat doon sa disyerto.”

> Mga bansa’y nangawawasak, nagigising ang Israel,
> Mga tanda na naihula ng ating propeta;
> Bilang na ang araw ng Hentil, na may lagim na laganap;
> Manumbalik, O nangagkahiwa-hiwalay, sa iyong pag-aari.

26 Nasa huling panahon na tayo. Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon ng masagana. Pinasimulan ko iyan at nakalimutan ko ang tungkol sa oras. Maglalaho tayo ng mabilis, ng napakabilis, tungo sa Walang Hanggan, kahit paano.

27 At ngayon sa San Marcos, 7:7, upang dalhin ang isang teksto sa paksang ito na kababasa pa lang sa Unang Mga Cronica 13. Upang gumawa ng isang teksto para dito, basahin ko ang Marcos 7:7.

> . . .*walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, na nagtuturo ng kanilang* pinakaaral *ng mga utos ng mga tao.*

28 Ngayon, wala akong nalalaman liban sa Mensahe ng Panginoon na ibinigay sa akin, at iyon lang ang maaari kong sabihin. At ngayon, nangungusap ako sa isang paksa sa umagang ito na pinaniniwalaan kong magiging mabuti. At mamayang gabi gusto kong makausap tungkol sa, “pagkaing napapanahon,” kung loloobin ng Panginoon: *Ang Pagkaing Espirituwal na Napapanahon,* at kung paano tanggapin Ito. Ngayon, sa umagang ito: *Nagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Sa Diyos Na Wala Sa Kalooban Ng Diyos.*

29 Ang Diyos ay makapangyarihan. At nalaman natin kung ano ang ginawa ni David rito, sa binasa nating Kasulatan sa Unang Mga Cronica 13. At siya ay. . .Mabuti ang kaniyang mga hangarin. Subalit hindi binibigyang halaga ng Diyos ang ating mga mabubuting hangarin. May isang paraan lamang upang maglingkod sa Diyos, iyon ay sa pamamagitan ng paggawa ng Kaniyang kalooban batay sa Kaniyang utos. At ang Diyos, bilang

makapangyarihan, walang sinuman na magsasabi sa Kaniya kung ano ang gagawin o kung paano ito gawin. Ganiyan Niya iyon ginagawa, alam Niya ang tamang paraan sa paggawa nito. At iyon ang aking ikinatutuwa. At marapat lamang na matuwa tayong lahat, at tinitiyak kong ganon nga. Sapagkat, matatanggap Iyon ng isa sa *ganitong* paraan, at matatangap Iyon ng isa sa *ganiyang* paraan, at ng isa sa ibang paraan.

30 Subalit isang dakilang bagay, muli, tungkol sa Diyos, hindi Niya tayo iniwan, ngayon, na hindi natin alam kung ano ang Katotohanan at kung paano iyon gawin. Hindi Siya maging makatarungan, upang parusahan tayo dahil sa paggawa ng isang bagay na hindi natin alam kung paano iyon dapat gawin, at pagkatapos ay hayaan tayong matisod sa isang bagay. Hindi Siya ganong uri ng Diyos. Isa Siyang Diyos na binibigkas ang Salita at umaasang sasampalataya ang Kaniyang mga anak Rito. At, samakatuwid, alam Niya kung ano ang pinakamabuti, at kung kailan ito gagawin, at kung paano ito gagawin. Mayroon tayong mga kaisipan rito, subalit Siya ang nakakaalam.

31 At kung ganon kung itatayo Niya ang isang sistema, yaong kung ano ang Kaniyang gagawin, at hindi sinabi sa atin kung ano ang mangyayari at kung paano ito mangyayari, pagkatapos tayo, matitisod rito, magiging—magiging makatarungan sa—sa ating mga pagkakatisod; o, magsisikap gumawa ng isang bagay, na maging makatarungan ang bawat isa. Subalit mayroon lamang isang tanging paraan, at iyon ay sa Kaniyang Salita.

32 At isang bagay pa, narito si David, alam natin na sa kaniyang puso ay gusto niyang gumawa ng isang bagay na mabuti. Wala siyang masamang motibo, o masamang layunin. Ngunit, ang bahay, o ang kaban ng Diyos, ay nailayo mula sa—sa bayan, at gusto niyang maibalik muli ang kaban ng Diyos sa dati nitong kinalalagyan, nang sa ganon makapagsangguni ang bayan sa Diyos tungkol sa mga bagay-bagay na kanilang kailangan.

33 Sa halip na—na hayaan na lamang ito, kami . . . Ano kaya kung si Kapatid na Blair at ang ama ng munting batang lalaking ito nagsabi, “Buweno, ito’y napakasama, talagang nasaktan ang bata, napatay. Sa wari ko, may isang bagay lang na nangyari”? Subalit lumapit agad sila sa Diyos.

34 Ano kaya kung ang isang munting babae, at ang kaniyang asawang lalaki, isang ministro ng Ebanghelyo, mga ilang gabi na ang nakalipas, o mga araw, nang mabali ang gulugod ng munting batang babaing iyon, na katatayo pa lang . . . Ang sabi ng doktor, “Mapaparalisa siya sa buong buhay niya.” Ano kaya kung ang asawang lalaki at siya ay magsabi, “Buweno, mahal ko, aaliwin na lang natin ang ating mga sarili riyan”? Subalit nagmadali silang gumawa ng paraan para dito; lumapit sila sa Diyos. Gaano karaming mga bagay sa Biblia na maaari nating tukuyin, kung paano ang mga tao kapag nasa kagipitan, ay lumalapit sa Diyos!

35 Buweno, noon, sa mga kaarawang iyon, mayroon lang isang tanging dakong tagpuan kung saan maaari nilang makatagpo ang Diyos, at sa kaban iyon, sa ilalim ng dugo. Iyon pa rin ang tanging dakong tagpuan, sa ilalim ng Dugo. Winisikan ang luklukan ng awa, upang magbigay ng awa sa mananamba, o sa humihingi, kapag lumalapit siya upang humingi ng kahilingan sa Diyos. At may isang natatanging paraan ang Diyos, ang siya ring daang dapat lakaran natin, din, tungkol roon, at hindi Niya tatanggapin ang anupamang iba. Hindi Niya tatanggapin ang anumang ibang kondisyon; doon lang sa Kaniyang paraang nakasa-ayos na.

36 Kamakailan lamang ay nangaral ako ng isang Mensahe, karamihan sa inyo ay nakakaalam Nito, na, may isang tanging nakalaang dako na kakatagpuin ng Diyos ang mananamba, ang dako na Kaniyang sinabi, "Ilalagay Ko ang Aking Pangalan." Kung may masusumpungan tayong ang simbahan na pinaglagyan Niya ng Kaniyang Pangalan, kung ganon nasumpungan natin ang dako. Ang sabi Niya, "Hindi ko kayo pagpapalain sa lahat ng mga pintuan; doon lamang sa pintuan na pinaglagyan ng Aking Pangalan. Ilalagay iyon sa isang dako, at doon ninyo lamang Ako makakatagpo; at iyon lang ang tanging dako na kakatagpuin Ko kayo." At nasumpungan natin, dahil doon, kung saan inilagay Niya ang Kaniyang Pangalan, at iyon lang ang tanging dako na kakatagpuin Niya ang mananamba. At ang Kaniyang Pangalan ay Jesus Cristo. Si Jesus Cristo ang Pangalan ng Diyos.

37 Ang sabi ni Jesus, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama." Bawat anak ay naparito sa pangalan ng kaniyang ama. At pumarito Siya sa Pangalan ng Ama.

"At walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao," kahit ito'y tawaging Methodista, Baptist, Presbyterian, iglesia ni Cristo, maging anupa ang gagawin. May isang tanging dakong tagpuan na kakatagpuin ng Diyos ang tao, at iyon ay sa kung saan kay Jesus Cristo siya, tanging dako. At lahat ng mga dating bagay roon sa ilalim ng Lumang Tipan, ay katipo niyan. Gusto kong malinaw na maunawaan ninyo ito. Ngayon, ito'y isang araling Panglinggong pag-aaral. Mayroon akong ilang mga Kasulatan at mga tala na isinulat dito. Naniniwala ako na makakatulong ito sa inyo upang inyong maunawaan, gaya nang ang lahat ng mga dating bagay ay nangyari para maging halimbawa sa atin.

38 Ngayon, nalaman natin na ang Diyos ay may isang paraan ng paggawa ng mga bagay. Ngunit si David, bilang biniyayaan lamang ng Diyos, tulad ng nangyari sa kaniya, at naging hari, inisip lang niya na gagawa lamang siya ng isang bagay para sa Diyos, kahit papaano. At hindi niya isinagawa ito sa tamang paraan.

39 Napansin natin, na inihahayag ng Diyos ang Kaniyang Salita sa Kaniyang Sariling itinakdang panahon. Ngayon, paano nalaman ni Martin Luther ang tungkol sa Mensahe sa araw na ito? Paano nalaman ng mga Presbyterians? Paano si Martin . . . o nalaman ng simbahang Catolico ang mensahe ni Martin Luther? Paano nalaman ni John Wesley ang mensahe ni Luther? Paano nalaman ni Wesley ang mensahe ng Pentecostal? O paano nalaman ng mga Pentecostal ang Mensaheng ito? Kita n'yo? Inihahayag Niya Ito sa Kaniyang mga panahon, sapagkat Ito ay ang Binhi. At habang lumalago Ito at gumugulang, inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili.

40 Tulad sa sikat ng araw, upang sumibol ito. Kapag ito'y malambot at bata pa, pinasisibol ito mula sa lupa, ang binhi; pagkatapos lalabas ang mga dahon nito, sa iba na namang yugto ng araw. Papatayin ito ng mainit na araw kung ito'y ang pagpapahinog ng butil . . . o panahon ng pagpapahinog. Kung kaya, pinamamamahalaan Niya ang araw at pinamamamahalaan ang kalikasan, upang makatagpo ng Kaniyang Salita.

Pinamamamahalaan Niya ang Iglesia, ang predistinado, ang Nobya, upang katagpuin ang panahon na kanilang pinamumuhayan.

41 Kahit ang kalikasan mismo ay nangungusap sa atin sa araw na ito, habang namamalas natin ang nagbabagsakang mga bansa, ang papalubog na mundo, ang sulat-kamay ay nasa dingding na. Namamalas natin na ang simbahan at estado ay naririto na.

Namamalas natin ang Nobya at ang estadong kinaroroonan Niya. At alam natin, sa pamamagitan ng kalikasan, na naghahanda na ang Iglesia upang lumisan. Isang napakaluwalhating oras iyon! Ito yaong panahon na inasam-asam ng mga propeta na makita, ang oras na ito.

42 Ngayon, inihahayag lamang Niya ang Kaniyang Salita sa panahon Nito. Binasa ni Martin Luther ang siya ring Biblia na ating binasa. Binasa ni Wesley ang siya ring Biblia na binasa ni Martin Luther. Binasa ng mga Pentecostal ang siya ring Biblia na ating binasa. Binasa ni Jesus ang siya ring Biblia na binasa niyaong mga Fariseo, subalit mayroong silang . . . Sinusubukang alagaan ang mais sa umagang yugto, na kapag nahihinog na ito, nabigo silang makita ang oras nila.

Ngayon ginawa ni David ang siya ring bagay dito.

43 Inihahayag ng Diyos ang Salitang ito sa panahon, at sa kung kanino Niya piniling ipahayag Ito. Pinipili ng Diyos sa kung kanino Niya Ito ipahahayag. Pinili niya iyon bago itatag ang sanglibutang ito. Alam na Niya ang lahat ng Kaniyang gagawin, na nailihim sa tao. Ipinahahayag lamang Niya ang mga ito kung loloobin Niya. Ito ay ang Kaniyang piniling panahon, sa Kaniyang piniling tao. At hindi Niya ni minsan man pinili ang

isang partido o sekta; ito'y sa isang piniling tao, ganon Niya ito ginagawa.

44 Sino itong maaaring mangahas na ituwid Siya, at sabihing, "Ngayon, Panginoon, nagkamali Ka sa paglalagay ng taong *ito* sa ministeryo. Hindi naniniwala ang taong *ito* tulad ng aming paniniwala"? Sino ang maaaring magsabi sa Diyos na mali Siya rito? Nangangailangan ito ng isang taong mas masama pa kaysa sa akin, para sasabihin iyon sa Kaniya. Alam Niya kung ano ang Kaniyang ginagawa. Alam Niya kung sino ang pipiliin at kung sino ang hindi pipiliin, kung ano ang gagawin at kailan ito gagawin. Kahit na gaano man nating isipin na karapat-dapat ang isang tao upang gumawa ng isang gawain, alam ng Diyos kung sino ang karapat-dapat para sa oras at sa panahon na iyon, o ang oras at ang tamang panahon upang gawin iyon.

45 At ang tunay, totoong Cristiyano; ang tunay, totoong mananampalataya ng Diyos, ay naghihintay sa Panginoon para sa mga bagay na ito. Maghintay sa iyong ministeryo. Kung nakadarama ka ng tawag, tiyakin mo na sa Diyos ito. Tiyakin mo na tama ito. Tiyakin mo na ito'y napapanahon sa kung ano ang iyong sinasabi. Ang sabi ng Biblia, "Sila na nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas. Sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila. Sila'y magsisitakbo at hindi mangapapagod. Kung sila'y magsisilakad, sila'y hindi mangaghihina."

46 Pansinin si David, hari ng Israel, kakapahid lang. Ibinuhos ni Samuel ang langis sa kaniya, at siya ang pinili ng Diyos, upang maging hari ng Israel. At natanggap ni David ang kapahayagang ito, upang dalhin ang kaban ng Panginoon doon sa lungsod ni David. Ngayon, walang mali roon, ngunit, nakita n'yo, mali ang pagsagawa ni David roon.

47 Ngayon, kapag ang isang tao tulad niyan na magkakaroon ng kapahayagan, isang dakilang tao tulad ng piniling hari ng Diyos, ang pinakadakilang hari na kailanman nabuhay sa lupa, maliban kay Cristo, sa palagay ko, ay si David, 'pagkat si Cristo ay Anak ni David. Ngayon, ang pinakadakilang tao, kakapahid pa lamang, nanggaling mismo sa Presensiya ng Diyos, ay nagkaroon ng isang kapahayagan na gumawa ng isang bagay para sa Diyos, at gustong gawin iyon para sa Diyos; subalit mali ang kapahayagan. Ngayon, isang malaking bagay iyan. May kinalaman ito sa ating paksa. *Nagsisikap Na Gumawa Ng Paglilingkod Na Hindi Tinawag Upang Gawin Iyon.*

48 Pansinin n'yo, may kapahayagan si David. At pansinin, hindi ang propetang iyon, si Nathan, ang may kapahayagan. Si David iyon, ang hari, ang may kapahayagan. Maging si Nathan ay hindi sinanggunihan tungkol dito. Ni hindi niya tinanong si Nathan. Subalit nakita n'yo ba rito, sa Unang Mga Cronica, na sinanggunihan niya ang mga kapitan ng libu-libo, at mga

kapitan ng daan daan? Hindi siya sumagguni kay Nathan. Sumangguni siya sa bayan, at sumangguni rin siya sa mga saserdote at ang mga teologo ng araw na iyon, ang mga eskriba at ang mga teologo. Iyon ang unang sinanggunihan ni David, ang sabi, "Kung ito, ito, ay sa Diyos, lumusong tayo at dalhin ang kaban ng tipan ng ating Diyos, doon sa loob ng lungsod, at ating isangguni sa Diyos bago natin gawin ang mga bagay-bagay."

49 Ngunit ang sabi, sa mga kaarawan ni Saul, "Itinigil nila ang pagsangguni sa Diyos, sa pamamagitan ng—ng—ng kaban, ang Urim, ang Urim at Thummin. Itinigil nila ang paggawa niyon."

Sabi ni David, "Ngayon magbalik tayo sa Diyos, lahat tayo! Magbalik tayo sa tamang bagay. Lumusong tayo at kunin ang kaban at dalhin iyon dito, dalhin ang Presensiya ng Diyos, "sa ibang pananalita, "sa loob ng lungsod. Magdaos tayo ng rebaybal. Dalhin natin pabalik ang bayan." Subalit mayroon siyang kapahayagan, na tila baga mabuti naman, subalit hindi iyon ang kalooban ng Diyos.

50 Sa halip na magtanong sa pinanggalingan na doon dapat siya magtanong, sumangguni siya sa kaniyang mga kapitan, sapagkat kababago pa lamang niyang naging hari. At sinundan niya ang ganong uri ng kaisipan, na, nasa kaniyang mga punong kapitan at sa magagaling niyang mga tao.

51 Pagkatapos pumunta siya sa isang simbahang naturingan at nagtanong kung maaaring magkaroon sila ng rebaybal. Ang mga saserdote, ang mga eskriba, ang mga kapitan ng libu-libo, ang mga kapitan ng daan-daan, at kaniyang sinanggunihan sila. "Ito ba ang kalooban ng Diyos?" At ang sabi nila ito na nga iyon. Subalit, nakita n'yo, nabigo siyang tanungin ang pangunahing daluyan na doon nakikipag-ugnayan ang Diyos tuwina. Kita n'yo, nabigo siyang makuha iyon.

52 Ngayon mabuti ang kaniyang hangarin. Mabuti ang kaniyang motibo. Mabuti ang kaniyang layunin, at upang dalhin ang rebaybal sa lungsod, panumbalikin ang tao sa Diyos. Subalit hindi niya sinangguni sa paraang sinabi sa kaniya ng Diyos upang gawin iyon. Kita n'yo?

53 Kahit nagkasundo na ang mga tao, at ang mga saserdote, at tama ang hari, "Kailangan nilang maibalik ang kaban sa lungsod. Ngayon, nangangailangan sila ng Presensiya ng Diyos. Nangangailangan sila ng isang rebaybal." Ngunit hindi ipinangako ng Diyos na ihahayag ang Kaniyang Salita, sa panahon Nito, doon sa mga tao. Hindi Niya ipinangakong ihayag Ito sa hari, sa panahon iyon. Hindi nagbabago ang Diyos, ni katiting man. Hindi Niya ipinangakong gagawin iyon.

54 Kahit gaano pa katapat, at ano pang buti ang mga motibo, at ano pang buti ang mga layunin, at gaano man ka gusto ng mga tao iyon at talastas ang kahalagahan nito, may isang kalooban ang Diyos na isasagawa sa mga bagay na iyon. Iyan ang gusto

kong tukuyin at bigyan ng diin, Gusto kong gawin ito nang sa ganon ay makita ito kung—kung ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo. At iyan ang dahilan kung bakit nagtatagal ako rito. Hindi para kunin ang oras ng mga tao sa telepono, at doon sa mga nakabantabay sa radyo, ngunit gusto kong—kong makita ninyo iyon. Kung mauubusan kayo ng oras, kung ganon kumuha ng teyp. Na doon . . .

55 Kahit gaano pa ito kailangan, at gaano man pinagkasunduan ng lahat na kailangan ito, gaano pa man na iyon ang Katotohanan, mayroon pa ring isang bagay na dapat alamin. Iyon ba ang kalooban ng Diyos?

Ngayon, hindi ipinangako ng Diyos na ihahayag Niya ang Kaniyang mga lihim sa Kaniyang mga hari, na ihahayag Niya ang Kaniyang mga lihim sa Kaniyang bayan.

56 Magkasingtulad sa panahon ni Micheas, ang anak na lalaki ni Imla. Tayo'y palayo natin, hindi sa ating teksto, kundi sa ibang panahon, upang dalhin ito at gawin itong makatotohanan sa inyo, gawing tunay sa inyo, nang sa ganon ay huwag ninyong malampasan ito.

57 Doon nga, sa mga kaarawan ni Micheas . . . Siya ay isang mahirap na lalaki, at nanggaling din siya sa mahirap na angkan. Datapuwa't, si Ahab, ang hari ng Israel, bilang isang bansa na nasa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, ay may itinayong isang paaralan at nagsanay ng pinili, piling-pili na mga propeta, at may apatnaraan ang mga ito sa paaralan. At sila'y mga magagaling na tao. Hindi lang sila basta bulaang mga propeta. Mga propetang Hebreo sila, tunay na mga kalalakihan. At nakipagsangguni sila sa Panginoon sa pamamagitan ng mga kalalakihang ito. At nanghula sila. Subalit, nakita ninyo, kapag dumating ang tunay na pagtutuos, ang bawat isa sa kanila ay wala sa Salita at kalooban ng Diyos. [Blankong bahagi sa teyp.—Pat.]

58 Dahil lumusong si Josaphat mula sa Jerusalem upang katagpuin ang—ang haring Ahab, at isinuot nila ang kanilang mga balabal, at umupo sa labas ng—ng mga pintuang daan, at dinala ang mga propeta sa harap nila. Una, ang sabi ni Ahab, "Mayroon tayong isang dako dito sa itaas sa Ramoth-Gilead na talagang atin." Ngayon, iyon ay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Pinaghahati iyon ni Josue sa mga tao at ibinigay iyon sa kanila, subalit inagaw iyon ng mga Filisteo.

At ang sabi, "Narito nangangailangan ang ating mga anak ng pagkain, at wala tayong sapat na sasakahing lupa upang pagtaniman ng makakain. At ang ating mga kaaway, ang mga Filisteo, nagpakabundat ang kanilang mga anak, mga pagano, mula sa lupang ibinigay ng Diyos na si Jehova sa atin." Talagang tuwiran iyon. At ang sabi, "Heto, kami, ang bayan ng Diyos, nakaupo dito kasama ang aming mga anak, nangangailangan,

at pinakakain ng aming mga kaaway ang kanilang mga anak sa lupa na ibinigay sa amin nang tinawag kami palabas ng Diyos mula sa Egipto." Magtatayo iyon ng isang teologo, hindi ba? Ang sabi niya, "Aahon ba tayo doon sa itaas at kunin ang ating mga lupa na ibinigay ng Diyos sa atin?"

59 Sinabi ni Josaphat, "Oo, tutulungan ko kayo. Magkakapatid tayo. Kayo'y nasa Judah, at ako'y nasa—ako'y nasa Jerusalem." O—O, ito ba'y ganon din naman? Naniniwala akong . . . Hindi, tama iyon. Sa palagay ko ito . . . si Josaphat.

Ganon pa man, isang mabuting lalaki si Josaphat, isang hari, isang tuwid na tao na iniibig ang Panginoon. Isang maligamgam na mananampalataya si Ahab. Kung kaya dinala nila sila doon sa ibaba, at sinabi ni Josaphat, "Makinig, sangguniin muna natin ang Panginoon, una. Kailangang malaman muna natin ang tungkol dito." Kita n'yo, kung ginawa ni David ang ginawa ni Josaphat! Ang sabi niya, "Hindi ba natin gagawin ito?"

At dalian, bilang isang Israelita, ang sabi ni Ahab, "Walang alinlangan. Mayroon akong apat na raang Hebreo, kagaya natin, mga propetang Hebreo mula sa ating sariling organisasyon. At sasangguniin ko sila. Mga propeta sila." Ngayon, nakita n'yo, basta . . .

60 Sasabihin mo, "Nakatitisod iyan sa akin, Kapatid na Branham. Isang propeta?" Oh, siya nga. May isa roon sa panahon ni Jeremias, na nagsabi sa kanila na dalhin sila doon sa ibaba sa loob ng dalawang taon. Ang sabi ng Panginoon kay Jeremias, "pitumpu." Naglagay ng isang pamatok sa kaniyang batok, at binali iyon ng isang propeta, si Hananias. Subalit alam n'yo na kung ano ang nangyari sa kaniya. Oh, siyanga. Kailangang manatili ka sa Salita.

Kung kaya dumating ang mga propetang iyon at nagsipanghula, at ang sabi, "Pumunta kayo doon sa itaas! Sasainyo ang Panginoon."

61 At ang isa sa kanila, naniniwala ako (nakalimutan ko ang kaniyang pangalan ngayon) iyon ang pinuno, si Sedechias, sa paniwala ko, ang sabi, naglagay siya ng dalawang sungay na bakal at ang sabi, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, Sa pamamagitan nito," ngayon matapat ang lalaking iyon, "itutulak n'yo ang inyong mga kaaway pabalik sa kanilang mga lupain, at mababawi ang kung ano ang sa Diyos. Ibinigay iyon sa inyo." Hindi ako naniniwala na isang paimbabaw siya. Naniniwala ako na isang mabuting tao siya. Naniniwala akong ganon din silang lahat na mga propeta.

62 Sasabihin mo, "Mga Propeta?" Siyanga! Alalahanin, ang mismong lalaki na nagpahintulot upang patayin si Jesus Cristo, ay nanghula, sapagkat katungkulan niya iyon. Siya ang dakilang saserdote ng taong iyon. At bilang nasa kaniya ang ganong katungkulan, at taglay niya ang katungkulang iyon,

ay bumaba ang Espiritu ng Diyos sa kanya. Subalit hindi iyon nangangahulugang ligtas siya o anuman tungkol dito. At nanghula siya, si Caifas, sapagkat ang katungkulan niyang iyon ang may gawa niyon.

63 At ang mga propetang ito, bilang mga propeta, sa katungkulang propeta, ay nagsipanghula. At bumaba ang Espiritu ng Diyos sa kanila, mga kalalakihang taglay ang mga kaloob ng Espiritu.

64 Napagtanto kong nangungusap ako sa siyamnapu't-siyam na porsiyentong mga Pentecostal. Subalit ang tao sa maraming pagkakataon, ang tao, maaaring makipag-ugnayan sa kanila ang Diyos, bibigyan sila ng kaloob, at dudumugin ng mga tao ang mga taong iyon. Kung hindi sila ganap na tinawag at isinugo ng Diyos, uudyukan niyang magsalita ang lalaki o babaing iyon ng isang bagay na hindi Niya kalooban, sapagkat pinipilit sila ng mga tao na gawin iyon.

65 Gaano ko inunawa ang ating munting pinaka pastor dito sa bagay na iyon. Dito sa labas sa kakahuyan isang umaga, bandang ika-tatlo ng umaga, ang sabi, "Humayo't sabihin kay Kapatid na Neville!" Pumunta ako sa iyo, hindi ba, Kapatid na Neville?

66 Bawat isa, "Kapatid na Neville, manghula ka sa akin. Mangusap sa akin nang *ganito o ganoon*." Kita n'yo, makikita n'yo siya kung ganon na nagsasalita ng mga bagay na hindi nagaganap.

"Sila na naghihintay," upang alamin kung ano ang nais gawin ng Panginoon.

67 Kung kaya tinitingnan ito ng mga kalalakihan sa isang natural na kalagayan, "Pag-aari namin iyon." Subalit, kita n'yo, hindi nila nakita ang Salita at kalooban ng Diyos.

68 Pagkatapos bumaba si Micheas, at mayroon siyang isang pangitain. Sinuri niya ito, muna, pansinin ninyo. Ang sabi, "Maghintay. Bigyan n'yo ako ng isang gabi. Hayaan n'yong alamin ko, at marahil bukas ay sasagutin Ko kayo." Hindi siya nagmamadali, "ITO ANG SABI NG PANGINOON," katulad, sa pagsang-ayon sa iba pang mga propeta. Ang sabi niya, "Sasalitain ko lang kung ano ang sasabihin ng Diyos."

At nang sumunod na araw, napag-alaman natin, sinabi sa kaniya ng Diyos kung ano ang mangyayari. At salungat na salungat ito sa kanilang lahat. Ang buong paaralan, ay salungat dito. At anupa't isa sa kanila ang lumapit at sinampal siya sa mukha, dahil doon. Subalit, kita n'yo, naghintay siya. At pagkatapos niyang gawin iyon, inihambing niya ang kaniyang hula, ang kaniyang pangitain, sa pamamagitan ng nasusulat na Salita, at tama iyon sa Salita.

69 Kapagka may nagsabing "may kapahayagan silang magbautismo sa mga tao sa Pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu

Santo,'" salungat iyon sa Salita. Walang sinuman sa kanila ang gumawa ng ganon. Kung sasabihin nila, na, "Oh, maninindigan kami, at *ganito, ganoon* at ang *isa pa*," at ang iba pa, salungat iyan sa Salita. Kung sasabihin nilang sila'y "hindi naniniwala sa binhi ng serpiyente," salungat iyan sa Salita. At lahat ng iba pang mga bagay na ito, salungat iyan sa Salita. Kinakailangang sa pamamagitan ito ng Salita at nasa panahong iyon.

70 Ngayon, kung ginawa lang iyon ni David. Dumarating ang kaban, ngunit hindi dapat sa panahong iyon; walang lugar iyon para dito.

71 Pansinin ngayon nang bumaba sila upang kunin ang kaban, lahat ng mga kagalang-galang na tao ay nagsabi, "Iyan ang dapat mong gawin, David. Luwalhati sa Diyos! Kailangan natin ang rebaybal." Iyon ang tunay na Pentecostes, sa araw na ito; Baptist, Presbyterian. "David, ikaw ang aming hari! Kayong lahat . . . Si Kapitan *Ganito-at-ganoon*, at si Major *Ganito-at-ganoon* at si Heneral *Ganito-at-ganoon*, ay darating sa inyong pagtitipon. Aba, ang sabi nila na iyan ang tamang gawin mo, David. Kakampi mo ang buong bansa."

Iyan ngayon ang problema sa araw na ito. Hindi ko kailangan ang bansa. Kailangan ko ang Diyos, kung wala ng sinumang maninindigan.

72 Hawak ni David ang lahat ng mga kapitan. Nakikipag-tulungan siya sa mga sandatahang lakas. Nakikipag-tulungan siya sa lahat ng mga denominasyon, sa lahat ng mga teologo, sa lahat na, sumasang-ayon ang lahat sa kaniya. Ganon din si Achab, at ang mga iba pa sa Kasulatan; ngunit wala sa kaniya ang Diyos, sapagkat wala siya sa kalooban ng Diyos. Umaasa akong nakuha natin ito.

73 Pansinin, ginawa na nila ang bawat relihiyosong bagay na maaari nilang gawin. Naglagay sila marahil ng mga anunsiyo sa lahat na, "Malaking rebaybal! Maibabalik na muli ang kaban. Magkakaroon tayo ng rebaybal. Gagawin natin ang *ganito*."

74 Pansinin, nagpadala siya ng mga mang-aawit. Nagpadala siya ng mga taong may harpa, ang may mga trumpeta, at ginawa nila ang bawat relihiyosong bagay na alam nilang gawin; at ganunpaman ang Diyos ay wala roon.

Tila bagang nakikita natin muli itong nauulit, hindi ba?

75 Kinuha nila ang lahat na mang-aawit. Kinuha nila ang mga manunugtog ng harpa, ang mga umiihip ng trumpeta; ang mga kababaihan, ang mga kalalakihan, at sinumang marunong kumanta. Kanilang dinala silang lahat doon sa ibaba, at sumailalim sila sa bawat makarelihiyong kilusan.

Ayaw ko sanang sabihin ito, subalit kinakailangang sabihin ito. Kung kaya ang mga denominasyong ito sa araw na

ito, ang Pentecostal at lahat na, ay sumasailalim sa bawat makarelihiyong kilusan, sa mga awitan at mga sigawan.

76 Pansinin, sumigaw si David ng buong lakas niya, at humiyaw siya, at lumukso siya, at sumailalim siya sa bawat makarelihiyong kilusan na alam niya; at ganunpaman wala ang Diyos roon. At ang kaniyang hangarin, at ang kaniyang layunin, at tama ang lahat; subalit nalihis siya roon. Kita n'yo? Ginawa niya ang lahat ng mga makarelihiyong kilusan; sumigaw, umawit, at may mga natatanging mang-aawit, mga natatanging tagasigaw, lahat na. Sumasayaw sila sa epiritu. Ginawa nila ang bawat bagay na makarelihiyon.

77 Parang katulad ito ng ating mga naglalakihang krusada sa ating panahon. Gusto nilang akayin ang mundo para kay Cristo. Walang ganiyang bagay. Mga malawakang pang-akay na rebaybal, mga dakilang bagay na nagaganap; kung mapagtanto lamang nila, na lipas na ang araw na iyon. Nahatulan na siya. Subalit nagtatatag pa sila, ng mga krusada, mga organisasyon, at lahat na. Subalit, ang bunga ay tulad lamang nang sa panahon ni David, hindi ito umubra.

78 Humahayo tayo at magkaroon ng rebaybal. Ang ating mga magagaling, ilan sa ating mga magagaling na mga evangelista sa araw na ito, sinabi nilang may tatlumpung libong mga naakay sa loob, lamang ng anim na linggo; at isang taon mula roon, nagbalik sila, hindi sila makasumpong ng tatlumpo. Mayroong mali doon. Ano iyon, tulad lamang iyon sa ginawa ni David. Kilala't mataas na mga kagalang-galang na tao, kinikilalang mga kalalakihan, malalaking nga mangangaral, naglalakihang mga paaralan, mataas na kapangyarihan, subalit sumasangguni pa rin sila sa isang matandang denominasyon sa halip na tumingin sa mukha ng Salita ng Diyos at makita ang panahong kinaroroonan. Hindi ka makapag-alaga ng ilang pananim kundi sa takdang panahon lamang sa loob ng isang taon.

79 Ngayon tingnan natin kung ano ang nangyari. Bagaman ang kanilang . . . Magagaling ang kanilang mga makarelihiyong emosyon at mga kagamitan, magagaling ang kanilang mga hangarin, magagaling ang kanilang mga krusada, magagaling ang kanilang mga pag-aawitan, magagaling ang kanilang mga pagsasayaw, magagaling ang kanilang mga pagsisigaw, magagaling ang kanilang musika, at nasa kanila na ang kaban. Anong silbi ng kaban kung wala ang Diyos? Isang kahon lamang ito na yari sa kahoy, na may dalawang tapyas na bato.

Katulad lamang ito ng pagkukumunyon, bilang nabautismuhan. Anong kabutihang maidulot ang mabautismuhan kung hindi ka muna nagsisi? Anong kabutihang maidulot, makibahagi sa kumunyon, magiging isang paimbabaw, kung hindi mo ipinamumuhay ang buhay at sampalatayanan ang kabuuhan ng Salita ng Diyos? Kunin ang

bahagi Nito, at hindi ang kabuuhan Nito, na nangangahulugan lamang ito na may mali doon.

80 Ngayon, kapag nangyari ang lahat ng ito, tingnan natin kung ano ang mangyayari kapag ang Diyos, at ang Kaniyang kapanahunan at ang Kaniyang oras, ay hindi isinaalang-alang; ang kaisipan na lamang ng tao.

81 Maraming mga tao ang nagsabi sa akin, "Bakit hindi ka pumunta dito at magdaos ng isang pagtitipon? Aba'y, tinawagan ka namin. Pirmahan mo ang *ganito, ganoon*, o ang *iba pa*."

Maghintay! Maaaring kailangan n'yo ito, ngunit ano ang sabi ng Diyos tungkol dito? Maraming mga tao ang nagsabi sa akin . . . mayroon akong imbitasyon, mayroon akong mga panayam, at mga personal na mga panayam at mga bagay-bagay, mga isang taon ng nakabinbin. Maghintay! Paano ko malalaman ang aking sasabihin kung hindi ang Diyos ang magsasabi nito sa akin? Kita n'yo, maghintay! Iyon ang dahilan kaya sinabi, "Isulat ninyo iyan. Ipakita n'yo sa akin kung ano ang sinabi Niya." Kita n'yo? Maghintay! "Silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas." Tama ba iyan?

82 Pansinin n'yo, sumangguni lamang sila sa mga saserdote ng araw na iyon, ang mga teologo, ang mga denominasyon. At pansinin, sa pamamagitan ng paggawa niyon, pagsangguni sa mga saserdote at pagsangguni sa kongregasyon, pagsangguni sa mga tao, iyon ang nagawa nilang kamalian.

83 Pansinin, ang kaban ay ang Salita. Alam nating tama iyon. 'Pagkat ang kaban ay si Cristo, at si Cristo ang Salita. Kita n'yo? Ang kaban, o ang Salita, hindi nailagay iyon sa dati, nailataga, ang orihinal na naitalagang kalalagyan. Oh, huwag sana kayong mabigo na makuha ito, iglesya!

Ang lahat ng bagay na ganap, at mabuting tingnan ang lahat ng bagay, tulad ng isang malaking rebaybal na dumarating; datapuwa't dahilan sa nabigo silang kunsultahin ang tamang tao tungkol doon! Sinangguni nila ang mga saserdote, sinangguni nila ang mga kagalang-galang na tao, sinangguni nila ang mga teologo, sinangguni nila ang mga mang-aawit, at sama-sama silang lahat na nagkaisa, at ang malaking organisasyon ng sandatahan, at maging ang—ang—ang buong lakas ng bansa. Nagkakasundo ang lahat para sa isang malaking pagtitipon, subalit nabigo silang sumangguni sa Diyos. Gayundin ang ginawa ni Ahab, gayundin naman ang mga iba pa. Kaaya-ayang sandali!

84 Ngayon ay huwag ninyong kaligtaaan ito. Nabigo silang makuha iyon, dahil hindi sila sumangguni. At dahil sa paggawa niyan . . . Masdan. Sa pamamagitan ng paglapit sa mga saserdote, sa pamamagitan ng paglapit sa mga teologo, at sa pamamagitan ng paglapit sa sandatahang lakas, at ni hindi nila isinaalang-alang ang sugong mensahero ng Diyos sa

kanilang panahon, si Nathan, iyon ang nagawa nilang kamalian. Pumaroon sila at binuhat ang kaban at inilagay iyon sa ibabaw ng isang bagong karo, inilagay iyon sa ibabaw ng isang bagong karo, o, "isang bagong denominasyon na nag-uumpisa," at hindi sa ibabaw ng ibinigay ng Diyos, na nakatalagang paraan ng pagdala nito. Dapat sanang dalhin iyon ng mga balikat ng mga Levita. Subalit, nakita n'yo, kapag nag-umpisa ka sa mali, patuloy kang nasa mali.

85 Kung ang isang bala na sana'y nakatutok sa direksiyon ng isang target, at naalog mo ang kanyon nito nang kaunting-kaunti rito, upang simulan, ang may isang daang yarda ay kapos ka ng apat o limang pulgada. Mali ang iyong umpisa.

86 O Diyos, tulungan mo kaming maunawaan na mali ang umpisa ng bagay na ito, itong mga naglalakihang krusada sa panahong ito, at sa katawagan nilang iyon. Hindi sinangguni ang Diyos tungkol dito. Ang mga saserdote at mga relihiyosong tao ang sinanguni. Sinangguni ang mga organisasyon. "Aba'y, magkakaroon ka ba *niyan-at-niyon?* Naniniwala ako, kung magsama-sama tayong lahat!" Huwag mong pagsasamahin ang lahat. Kunin mo lang ang Salita ng Diyos tungkol dito.

87 Pagkatapos nakita natin na, nang gawin nila iyon, ano ang kanilang ginawa? Nagpatuloy sila doon sa dati nilang matandang programang makarelihiyon, na wala na sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos. Namatay na ang bagay na iyon, maraming taon na ang nakalipas, yaong mga bagay na tuyong-tuyo na sa mga nagdaang taon.

88 Natuyuan na iyon sa mga kaarawan ng Panginoong Jesus. Hindi nila iyon alam. Ang sabi, "Kung kilala n'yo si Moises, ay kilala n'yo Ako, sapagkat sinabi ni Moises na darating Ako."

Ang sabi, "Ang aming mga magulang ay kumain ng manna sa ilang."

89 Ang sabi, "Patay na silang lahat!" "Bulag," ang tawag Niya sa kanila, ang mga Fariseo, ang mga relihiyosong pinuno. "Malibang sumampalataya kayo na Ako ay Siyanga, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan." Subalit hindi nila ginawa ang ganon. Napakatigas na nila sa kanilang paninindigan. Kailangang gawin nila iyon sa kanilang paraan.

90 Iyon ang paraang ginawa ni David. Ginawa niya iyon sa sarili niyang paraan, basta kaniyang sinabi, "Alam n'yo ba kung ano ang gagawin ko? Kikilos tayo." Mayroon siyang kapahayagan. "Kikilos na tayo ngayon, kaya lang gagawin natin ito sa isang bagong paraan. Lipas na ang mga kaarawan ng mga himala, kung kaya gagawa tayo ng panibagong organisasyon. Gagawa tayo ng isang bagong karo, nagpapakita ng isang bagong bagay na nag-umpisa." Napakahuwad na hula!

91 Kinakailangang bumalik kayo sa paraang sinabi ng Diyos na gawin iyon. Inilalagay nila iyon sa ibabaw ng mga balikat ng mga Levita, at sa ibabaw iyon ng puso. Ang kaban, ang Salita, ay hindi dapat ilagak sa ibabaw ng isang bagong denominasyon, sa ibabaw ng mga teoriya ng ilang mga tao, kundi doon sa loob ng puso. Hindi dapat hawakan ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga denominasyon; hahawakan lamang Ito sa pamamagitan ng puso ng isang tao, kung saan doon pumapasok ang Diyos at inihahayag ang Kaniyang Sarili. At kapag inihayag niya ito batay sa Salita, Diyos iyon; kung hindi, hindi iyon.

At, kung ganon, ang Salita sa panahong iyon! Tiyak, iyon maaaring sabihin ng isang Fariseo, "Sino ang nagsabi sa amin na hindi namin kayang gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon?* Si Moises ang nagbigay sa amin ng mga utos na ito."

"Subalit sinabi rin ni Moises . . . "

Ang sabi ni Satanas, "Aba, nasusulat ito, magbibilin Siya ng Kaniyang Ang—. . .' "

92 "At nasusulat din naman," ang sabi ni Jesus.

Ang panahon, ang oras! "Kung kilala n'yo si Moises! Mayroon na kayong isang mag-aakusa sa inyo, si Moises. Kung kilala n'yo si Moises, ay kilala n'yo rin Ako," ang sabi Niya, "sapagkat sumulat si Moises ng tungkol sa Akin. 'Ang Panginoong Diyos ay magpapalitaw sa inyo ng isang Propeta sa inyong mga kapatid; Siya ang kanilang pakikinggan.'" Kung kilala nila si Moises, ay makilala nila Siya.

93 Ngayon, makinig ng mabuti, huwag n'yong kaligtaan ito ngayon. Kita n'yo, unang-una, nang sinangguni nila ang mga saserdote, sinangguni ang mga kagalang-galang na tao, sinangguni ang hukbong sandatahan, sinangguni ang lahat ng kongregasyon, ang mga kapitbahay, upang magsama-sama para sa isang malakihang pagtitipon na darating, nabigo silang gawin ito ng tama. Hindi sila sumangguni sa Diyos. At, sa ginawa nila iyon, hindi nila binalikan at tiningnan kung anong oras na iyon!

94 Oh, kapatid na lalaki, makinig. Ano na ba ang panahon na ating kinabubuhayan? Anong kapanahunan na ba tayo? Anong oras na ba tayo nakapaloob? Hindi na ito panahon para sa mga bagay na ganito na kanilang pinag-uusapan. Nakalipas na iyon. Nalalapit na ang paghuhukom ngayon. Nakikita n'yo na itong parating. Natatandaan n'yo ba ang bato sa itaas ng bundok na iyon? Oras ng paghuhukom! Natatandaan ba ninyo ang kapahayagan, o ang pangitain ng Nobya? Patuloy lamang Siya sa paghakbang. Huwag mo Siyang hayaang mawala sa paghakbang.

Pansinin n'yo, "Sa ibabaw ng mga balikat ng mga saserdote!"

95 At si David at ang lahat ng mga saserdote, na tunay na dapat na nalaman ang mabuti, ngunit ano ba ito? Ang mga saserdote ay may dapat na mas mabuti. Ang mga eskriba, ang mga teologo, ay nalaman, ang sapagkat sinasabi ng Salita na huwag gawin iyon.

96 At sa araw na ito kapag gusto nilang sabihin, "Oh, si Jesus Cristo ay hindi siya ring kahapon, ngayon, at magpa- kailanman. Pagbabasa lamang ng kaisipan iyon. Na *ito'y ganito, ganoon, o ang isa pa.*" Nabigo silang makita ang ipinangakong Salita. "Oh, noon iyon nang mga nakaraang araw."

Ang sabi ni David, "Oh, aba, maghintay ng sandali. 'Sa ibabaw ng mga balikat ng—ng mga saserdote;' doon iyon noon nang lumabas si Moises. Tiyak 'yon, tayo, ilalagay natin ito sa isang bagong karo sa araw na ito. Mayroon akong kapahayagan tungkol dito."

97 Ang sabi ng mga saserdote, "Amen, David!" Kita n'yo, naimpluwensiyahan ng kanilang bagong konsehong ekumenikal, na dapat magsama-sama silang lahat at gawin ang *ganitong* paraan at *ganiyang* paraan, iyon ang naging dahilan na pagkakamali ng mga saserdote. Hindi sila sumangguni sa tamang tao. Hindi tama ang kanilang ginawa, dahil doon ay nagkaroon sila ng kaguluhan. Oo.

98 Nangangamba ako, tungkol sa maraming bagay sa araw na ito . . . Nang ang isang magaling na grupo, isa sa pinakamagaling sa Pentecostal, tumayo sa harapan ng isang relihiyosong grupo noong isang gabi doon sa Chicago. Ako sana ang magsasalita sa pagtitipon na iyon kasama ng mga Kalalakihang Mangangalakal; subalit inakala kong dapat nasa Africa pa ako sa mga panahong iyon, subalit nakabalik agad ako isang araw bago iyon magsimula. At pumili sila ng isang magaling at intelektuwal na Pentecostal, at tumayo sa harapan at sinabi sa kanila na itong kilusang ekumenikal ay isang bagay na sa Diyos. At sinabi niya na magbabalikan silang lahat, maging ang simbahang Catolico ay magbabalik sa kaniyang orihinal na kalagayan, mangagsasalita ng iba't ibang wika ang lahat na siyang ebidensiya at iba pa. At hindi nalalamang isang bitag iyon ng diablo!

99 At ang lalaking iyon na hindi ko kilala . . . Minsan nagtatanim kayo ng binhi; hindi n'yo alam kung ano ang mangyayari. Ngunit ang pangulo ng Full Gospel Business Men, pagkaupong-pagkaupo ng magaling na tagapagsalita, ang sabi niya, "Nasanay akong huwag magsalita ng mga bagay na laban sa ating mga tagapagsalita, subalit hindi ganon ang sinabi ni Kapatid na Branham na mangyayari. Datapuwa't ang sabi niya mag-aakay iyon sa tatak ng hayop."

Ang sabi niya, "Ngunit hindi alam ni Kapatid na Branham ang tungkol sa kaniyang sinasabi."

Ang sabi, "Kami ay. . .naniwala kami na alam niya." Kita n'yo?

100 At sa Chicago, ang sabi ko, "Ilan ba dito ang gustong pumanhik ako at magbigay ng aking pahayag tungkol dito?" At nagsimulang maghiyawan at magsigawan.

Kita n'yo, nagtatanim kayo ng mga binhi; hindi n'yo alam kung ano ang mangyayari. Patuloy mo lang ihasik ang Binhi. Kapag dumating na ang oras na iyon, ang ilan sa kanila ay . . .

101 Katulad ni Tomas, siya na halos ang huling lalaki upang makita ang Panginoon. Subalit, kinakailangang makita niya Siya, upang sumampalataya sa Kaniya. Kita n'yo, kapag nakita nila na nangyari iyon. Oh, pumasok ka Tomas, ngunit medyo huli na siya.

102 Ngayon kapag nakita na nila ang mga naihulang bagay, at sinasabing ITO ANG SABI NG PANGINOON, ay nangyayari, kung ganon sasabihin nilang, "Bigyan n'yo kami ng kaunti n'yong Langis." Kita n'yo?

103 Ngunit pansinin n'yo ngayon, ang impluwensiya. Minsan nagkasama-sama ang mga magagaling na mga tao. Maririnig n'yo silang nagsasabi, "Dakilang *Ganito—at—ganyan*, at dakilang *Ganito-at-ganyan*, aming dakilang. . . "Huwag na huwag ninyong gagawin iyon.

Walang mga dakila sa kalagitnaan natin. May tanging isang dakila na Isa, at ang Diyos iyon. Magkakapatid tayong mga lalaki, at mga babae. Hindi mahalaga sa akin kung magpapastor ka ng isang simbahang may limang tao rito, hindi iyon nagpapaliit sa iyo; nagiging isa kang kapatid, kita n'yo, kung totoo ka sa Salita ng Diyos. Hindi mahalaga sa akin kung ano, papaano; hindi ka nito minamaliit. Ang Diyos ay walang maliliit na mga anak at malalaking mga anak. Mayroon lamang siyang mga anak. Pantay-pantay silang lahat.

104 Pansinin n'yo, nanggaling ang Diyos Mismo sa maningning na mga palasyo ng Kaluwalhatian, para maging isa sa atin. Ngayon sino yaong malaki? Kinuha. . .Hindi Siya bumaba dito para kumuha ng isang anyo ng saserdote, ngunit ng isang lingkod. Hinugasan ang pinakaputik na Kaniyang nilalang, ang mga paa ng Kaniyang mga apostol at iba pa. Ngayon sino ang dakila?

105 Subalit naimpluwensiyahan, ang mga kalalakihang ito. Hindi nila iyon nauunawaan. Inakala nila na may isang bagong bagay na mangyayari, hindi, isang bagay na hindi sinabi ng Diyos ang mangyayari. Pumunta sila roon sa isang maling paraan.

Iyan ang lahat ng mga kasiga-sigang ito, kung ang. . . sinimulan dati roon, mahabang panahon na ang nagdaan, kinakailangang magkaroon ang bawat denominasyon ng

Dakilang manggagamot; ang bawat denominasyon ay kailangang magkaroon ng *ganito, ganoon,* o ang *isa pa*. Kinakailangang magkaroon ang bawat denominasyon ng isang munting David. Kinakailangang magkaroon ang bawat isa ng *ganito, ganoon,* o *ang isa pa*. Nakita n'yo kung ano ang nangyari? Ginawa ang ganon ding bagay na ginawa dito. Iisang bagay. Impluwensiya!

106 Ang Salita para sa panahon, ang panahon na kinabubuhayan nila, ay binalewala nila.

107 Pansinin, "ang mga balikat ng mga Levita," ang siyang orihinal, inilaang paraan ng Diyos upang gawin ang mga bagay na ito. "Ilagay n'yo ang kabang iyan sa ibabaw ng mga balikat ng mga Levita." Alinmang paraan liban diyan ay salungat. Kung ano ang Kaniyang sinabi, ganon Niya iyon ipinakahulugan. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Iyan ang dahilan, manatili ka sa Kaniyang Salita! Mayroon akong Kasulatan, oo, sa Unang Mga Cronica 15:15, kung nais n'yong isulat iyan. Pansinin.

108 Ngayon pansinin, doon, sa pagsunod sa Diyos. Ngayon nais kong isaisip n'yo iyan. Upang tuparin ang mga utos ng Diyos, upang gumawa ng alinmang bagay na tama sa Diyos, upang gumawa—gumawa ng isang paglilingkod sa Diyos na tama, may limang dapat isalang-alang, gawin ang paglilingkod sa Diyos ng tama.

109 Ngayon gumagawa si David ng isang paglilingkod sa Diyos. Ginagawa niya ang lahat ng bagay na nalalaman niya upang gawin iyon, liban sa pagpapaubaya nito sa Diyos. Kita n'yo? Gumagawa siya ng isang bagay na para bagang tama, isang bagay na para bagang ikabubuti ng bayan, isang bagay na para bagang ikabubuti ng iglesya.

110 Subalit may limang dapat isaalang-alang. Gusto kong tandaan ninyo ang mga ito. Kahit gaano pa ka sinsero ang isang lalaki na maaaring gumagawa nito, sa paggawa ng isang paglilingkod sa Diyos, ganito, ang limang mga ito ay kailangang dapat naroon.

Una, kinakailangang sa Kaniyang panahon ito dapat gawin.

111 Ano kaya kung—kung dumating si Moises, sasabihin, "Gagawa tayo ng daong at palutangin ito sa Nile, tulad ng ginawa ni Noe"? Ang panahon ni Noe ay tamang-tama para sa isang daong, subalit hindi sa kaniyang panahon.

112 Ano kaya kung dumating si Jesus, sabihin, "Ngayon sasabihin Ko sa inyo kung ano ang ating gagawin. Umahon tayo roon sa bundok, tulad ng ginawa ni Moises, at kumuha ng isang bagong pahayag ng mga kautusan?" Kita n'yo? Huh-uh! Siya ang kautusang iyon. Kita n'yo?

113 Kailangang ikaw ay nasa Kaniyang panahon. Kailangang ito'y nasa Kaniyang panahon. Nakuha n'yo na ba ngayon iyan?

Kailangang ikaw ay nasa Kaniyang panahon. Kailangang ito'y nasa Kaniyang panahon, oras at kapanahunan.

114 At kinakailangang magiging ayon iyon sa Kaniyang Salitang nabigkas. Kinakailangan iyon. Hindi mahalaga sa akin kung gaano mo kahusay sabihin ang *ganito* na maging ganon, o ang ganoon na maging *ganon*, o *ang ganito na* maging ganito. Kinakailangang sang-ayon ito sa Kaniyang Salita; ayon sa Kaniyang panahon at Kaniyang kapanahunan.

At kinakailangang ibigay ito ayon doon, sa pamamagitan ng tao na Kaniyang pinili upang gawin ito.

115 Hindi mahalaga sa akin kung gaano karami ang mga sikat na tao. Nariyan ang haring si David, kasing dakila ng alinman sa kanila. Hari siya ng bansa. Subalit mayroon Siyang isang paraan sa paggawa niyon, at sinabi Niya sa kanila kung paano Niya gagawin iyon. Subalit nabigo silang gawin iyon.

116 Kinakailangang magiging ayon iyon sa Kaniyang Salita; ayon sa Kaniyang panahon, ayon sa Kaniyang programa.

117 At kinakailangang sa pamamagitan ito ng tao na pinili Niya upang magbigay nito at upang gumawa nito. Sinubukang tumakas ni Moises mula rito, "Kumuha na lang kayo ng iba." Subalit pinili ng Diyos si Moises upang gumawa niyon. Marami pa sa kanila; Sinubukan ding takasan ni Pablo iyon; marami pang iba. Subalit kinakailangang ito'y sa pamamagitan niyaong isang pinili Niya upang gumawa nito.

At kinakailangang dumating ito, una, sa Kaniyang mga propeta. Kailangang dumating ang Salita ng Diyos sa Kaniyang mga propeta. Sa Amos 3:7, "Ang Panginoong Diyos ay walang gagawin libang ihayag Niya muna Ito sa kaniyang lingkod na propeta." Pang-apat.

118 At kinakailangang maging isang pinatunayang propeta iyon sa pamamagitam ng Salita ng Diyos.

119 Heto ang inyong limang dapat kailangangin. Kinakailangang maging ganon iyon. Sa kaniyang panahon, sa kaniyang kapanahunan, kung kailan Niya sasabihing maging ganon iyon; at ang lalaking Kaniyang pinili; at kailangang dumating ito sa isang propeta; at ang propeta ay kailangang maging isang pinatunayang propeta. Nakilala natin ang marami sa kanila sa Biblia, dumating iyon sa mga propeta at hindi iyon pinatunayan. Si Jesus Cristo ang ating propeta.

120 Kaya't pansinin ngayon, kita n'yo, hindi inihayag ng Diyos ang bagay na iyon sa kanila doon sa pamamagitan ng Kaniyang inilaang paraan ng paggawa nito. Tinanggap nila ang paraan ni David. Tinanggap nila ang paraan ng mga saserdote. Tinanggap nila ang paraan ng mga eskriba, mga teologo', subalit hindi ang paraan ng Diyos. Si Nathan, ay isa, siyang propeta sa araw na iyon. Nang bandang huli, sinabi ni Nathan sa kanila

paano iyon gagawin. Datapuwa't, kita n'yo, ginawa nila iyon na hindi sinangguni si Nathan. Walang isang salita na nagsasaad na sinangguni nila si Nathan. Ang lahat ng impluwensiya, ang malaking bagay na nagaganap! At, naku, naala-ala ko ang isang awit na iyon, "Manatiling. . . "

> Panginoon, tulungan ako, kapag puso'y nag-aalab,
> Ipagpakumbaba ko ang aking palalo (na humayo kasama ng lahat sa kanila), tawagan lamang ang iyong Ngalan,
> Turuan mo akong huwag sasandal kung ano ang gawa ng iba,
> Maghintay lang sa panalangin para sa katugunan mula sa Iyo.

Kita n'yo, ganon iyon. Hayaan mong makita kong mangyayari ito sa tamang paraan, pagkatapos sampalatayanan iyon.

121 Ngayon, inihayag ng Diyos ang bagay na iyon sa kanila maging kay David, at maging sa mga ministro, at maging sa mga tao, at maging sa mga kapitan ng libu-libo, at mga kapitan ng daan-daan, ngunit hindi kay Nathan na may ITO ANG SABI NG PANGINOON. At ang sabi ng Panginoon na wala Siyang gagawin libang ihayag Niya ito sa propetang iyon ng kapanahunan, una, kung ano ang gagawin. Nakita n'yo kung ano ang kanilang ginawa? Tuwiran silang umalis na labas sa Salita ng Diyos, umalis at inilagay ang kaban sa ibabaw ng isang bagong karo. Kita n'yo? Kaya umalis sila upang isagawa iyon na labas sa kautusan ng Diyos at inilaang paraan ng Diyos.

At iyan na nga ang nangyari sa araw na ito, mga kaibigan. Kaya't kung bakit mayroon tayong maraming naglalakihang krusada, at iba pa, at walang mga resulta. Higit pang di paniniwala, higit pang kasalanan, higit pang. . . Sasabihin ko sa inyo, wala na ang bansang ito; hindi lamang ang bansang ito, maging ang iba pang mga bansa. Ang bansang ito, tulad ng England ng nagdaang kapanahunan, ay naging ang prostityu't sa lahat ng mga bansa.

122 Doon sa dako ng Mozambique, apat na raan at walumpung milya mula sa kabihasnan, sa kagubatan, nakikinig ang mga batang beatnik kay Elvis Presley, inaalog ang kanilang ulo at patango-tango pataas-at-pababa tulad niyan, buong gabi na nananatiling. . . O, ang mumunting mga pangkat tulad niyan ay hahatak ng may isang libong milya, tutuloy hanggang Rhodesia, upang kunin si Elvis Presley. At ganon pa man sinasabi nila, "Napakarelihiyoso niya, siya at si Pat Boone, at yaong iba pa." Aba, ito ang Hudas sa oras na ito, at hindi nila ito alam. Iyan ang masamang bahagi, naniniwala sila na sila'y—sila'y tama.

Hindi ba sinabi ni Jesus dito sa Kapanahunan ng Iglesiang Laoidicea, “Ikaw ay hubad, maralita, aba, bulag, at hindi nito nalalaman”? Hindi nito nalalaman!

123 Buweno, ang mga batang Pentecostal doon sa Africa at sa paligid, ang sabi, “Aba’y, si Elvis Presly, umaawit siya ng napakaganda na kailanman iyong narinig.” Walang pag-aalinlangan subalit ganun din, si David; walang pag-aalinlangan kung ano ang ginawa ng mga mang-aawit, datapuwa’t naghatid ito ng kamatayan na tumama sa kampamento. Nakita n’yo kung nasaan sila, kung nasaan tayo sa araw na ito, mga kaibigan?

124 “Ang mga balikat ng mga Levita,” ang siyang orihinal na paraan ng Diyos upang gawin iyon. At inilagay nila iyon sa isang bagong karo. Ngayon, hindi kailanman iyon uubra. Hindi nila sinangguni ang tamang paraan. Kita n’yo? Kaya lumihis sila, tungkol doon, at isinagawa nila iyon sa maling paraan.

125 At ganiyan kung ano ang nangyari sa araw na ito. Kapag ang tao, gaano man ito ka sinsero, sinisikap na gumawa ng isang paglilingkod sa Kaniya na labas sa Kaniyang inilaang paraan ng paghahayag nito, lagi nilang ginugulo iyon. Itinatag iyon ng Diyos sa Kaniyang paraan. Ang tao, gaano man ito ka sinsero, subukan mong gawin iyon ng labas dito, iyong—iyong guguluhin iyon.

126 Isang bagay na katulad ni Balaam, sa kaarawan ni Balaam. Sinabi ng Diyos kay Balaam, ang propetang iyon. Isa siyang propeta, ang propetang si Balaam. Isa siyang propeta, at dumating sa kaniya ang Salita ng tama, ang sabi, “Huwag kang lumusong roon. Iyan ang Aking pinili. Iyan ang Aking hinirang.”

At inayunan ni Balaan ang mga kagalang-galang na tao, ang hukbong kalalakihan, mga mangangaral, maimpluwen-siyang kalalakihan, at ang sabi, “Buweno, aking—sasabihin ko sa inyo, ang hari ay . . . ”

Kita n’yo, katulad lamang kay David, katulad sa araw na ito. Kunin mo lamang ang lahat ng bagay sa isang tipo, at makikita mo ito. Nakita n’yo ba? Nagsabi ng, “Amen.” [Nagsabi ang kongregasyon ng, “Amen.”—Pat.] Nakita n’yo, kita n’yo, katulad ito sa ngayon.

127 Subalit sinabi ng mga ministro, ang—ang —ang mga saserdote ay nagsabi, ang mga eskriba ay nagsabi, ang mga teologo ay nagsabi, “*Ganito* ang paraan na dapat isagawa ito.” Subalit, hindi iyon, at napatunayang hindi nga iyon.

128 At sinabi ng Diyos kay Balaam, at isa siyang propeta, una, sinabi Niya sa kaniya, “Huwag kang lumusong.”

129 Ngunit ang impluwensiya ng ibang mga kalalakihang ito ang nagtulak sa kaniya na gawin ang salungat sa kung ano ang sinabi ng Diyos na gawin niya, at naging isang sumpa ito sa halip na rebaybal. Oh, tiyak, lumusong siya roon at tinuruan ang bayan,

ang sabi, "Ngayon hintay! Alam n'yo ba kung ano?" Ang sabi, "Tayo'y mga—tayo'y mga Moabita. Natatandaan n'yo, ang anak ni Lot na babae ang ating reyna. Siya ang ating pinagmulan. Lahat tayo'y may iisang dugo. Lahat tayo'y. . .Lahat tayong mga denominasyon ay iisa." Huwag kayong makihalo sa bagay na iyan. Lumayo kayo mula riyan. Kita n'yo? Kaya ang sabi niya, "Iisa tayong lahat. Aba, ang iyong bayan ay tulad ng aking bayan. Maaari tayong mag-asawahan, sa isa't-isa, para magkaroon tayo ng isang tunay na konsehong ekomenikal. Kita n'yo? Lahat tayo ay maaring magsama-sama at muling magbalik sa orihinal na bagay."

Isinumpa ng Diyos ang bagay na iyon. Iyon ang kasalanang hindi ipinatawad sa Israel. Nanatili iyon sa kanila sa lahat ng kaarawan nila. Hindi na iyon pinatawad. Namatay sila sa ilang na taglay iyon. Tama iyan. Sapagkat hindi nila nakuhang sundin ang paraan na inilaan ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang pinatunayang paraan na gawin iyon.

130 Pansinin, ang bagay na ito na kanilang ginawa ang naging sanhi na mamatay ang Israel sa kamatayan, sa ilang. At ang sabi ni Jesus, "Ang bawat isa sa kanila ay napahamak at namatay." Masdan kung sino ang nanindigang kasama ni Moises doon, si Josue at si Caleb, sa—sa programang iyon.

131 Pansinin muli, heto si David, kung ano ang kaniyang ginawa. At nang gawin niya iyon, ano ang ginawa nito? Naging sanhi ito ng kamatayan na tumama sa isang sinserong tao.

Ngayon, sa pakiwari ko'y naka-hook up pa rin tayo, at nais kong makinig kayo na nasa buong lupain.

Ang ganitong bagay na ginawa ni David, na hindi sumangguni kay Nathan at kunin ang Salita ng Panginoon para dito, naging sanhi ito ng kamatayan na tumama sa sinserong tao. Opo, ginoo. Iniunat niya ang kaniyang kamay roon, na namumuhay sa presensiya ng kaban; nanggaling ito sa kaniyang—kaniyang bahay. At natisod ang baka, at babagsak ang kaban.

132 Nakagawa na sila ng isang bagay na mali, dalawang bagay na mali. Una, hindi nila sinangguni si Nathan. Ang sunod na bagay na kanilang ginawa, lumusong sila roon na hindi sinangguni ang Salita ng Diyos. Na, ang . . . Si Samuel ang Salita sa araw na iyon. . .At hindi niya sinang-guni ang Salita ng Panginoon. Pagkatapos, nang ginawa nila iyon, umalis sila na salungat sa Salita ng Diyos.

At heto ang isang mabuting tao, na siyang katiwala, isa siyang obispo, sa loob-loob niya, "Buweno, heto, ayokong bumagsak ang Diyos," kung kaya't iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaban. Kung saan, hindi siya isang Levita, at namatay siya. Tatlong bagay!

133 Ngayon pakaisip-isipin mo ng mainam, at masdan kung ano ang ginawa ng mga denominasyon sa araw na ito. Kita n'yo, kanilang ibinagsak Ito, tinawag Itong "huwad na doctrina." Kita n'yo? Tingnan kung saan sila naroon. Makukuha nila ang kanilang konsehong ekumenikal, mabuti. Tinawag Itong "pagbasa ng kaisipan," maging ang Diyos sa Kaniyang sarili ay pinatutunayan Ito na siyang Katotohanan, at pinatutunayan na Ito ang Katotohanan. "Oh, sila'y maliliit na lupon lamang ng mga hangal doon sa itaas," ang sabi nila, "hindi natin alam kung ano ang mga pinagsa-sabi nila."

Tama 'yan, hindi namin alam. Subalit sinasabi lamang namin ang Kaniyang mga Salita, at alam Niya kung ano ang tungkol sa Kaniyang sinasabi, kita n'yo. Hindi ko Ito maipaliwanag, wala rin kahit sino, ngunit Kaniyan—Kaniyang—Kaniyang pinatunayan Ito.

134 Ngayon pansinin. Maraming sinserong mananampalataya sa araw na ito, na dumudulog kay Cristo, nais lumapit ng buong puso niya, pinatay sa espirituwal sa ganon ding paraan. Maraming sinserong kalalakihan na pumupunta sa simbahang Catolico at nais maging isang Cristiano, pumupunta sa Metodista, sa Baptist, sa iglesia ni Cristo, at maging ang mga Pentecostal, kita n'yo, at nais na maging isang Cristiano, inilagay ang kaniyang kamay rito, makiisa sa kanila.

135 At nang makita ni David na nangyari ang bagay na ito, ginising siya nito. Huwag kayong magising nang huli na ang lahat diyan sa labas, kapatid. Nakita niya ang tinamaan ng kamatayan.

Ipakita mo sa akin ang mga resulta. Ano ba itong naturingang rebaybal, pinagbabalik-loob ang mga tao sa mga simbahan, ano ang ginawa nito sa bansa, sa—sa katawan ng mga mananampalataya? Ito'y wala kundi ang paggawa ng bagong mga organisasyon at mga denominasyon, tuloy-tuloy na iyon, dagdag na mga kasapi at iba pa. Bumuti ba ang bansa? Ang sabi nila kanilang . . .

136 "America. Pagpalain ng Diyos ang America. Ito'y—ito'y isang bansa, ito'y isang Cristianong bansa."

Ito'y isang milyong milya mula sa pagiging isang Christianong bansa. Hindi nga ako nananalangin para dito. Paano ako makapanalangin para dito, at hindi ito nagsisi sa ilalim ng mga makapangyarihang lakas ng Diyos na inilantad sa harapan nito; at tumatanggi, at nagsasara ng mga pintuan Dito, at nag-aalisan? Hinabilin ko na ito sa Diyos. At patuloy siyang lumalayo. At ngayon siya ay lulubog. Masdan lamang kung ano ang mangyayari.

137 Maraming sinserong tao ang umaanib sa isang organisasyon, o sa isang grupo, o isang kulto anuman ito, at doon namatay sila, sa espirituwal. Wala kang maaaring sasabihin sa kanila.

Naibaon na sa kanila ang bagay na iyon, "Aba, ang mga obispong ito ang nagsabi ng *ganito*. At *ganito* ang sabi ng ganito, *ganito* ang sabi ng ganito." Ipakita mo sa kanila rito sa Salita ng Diyos kung saan ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. "Subalit ang aming pastor . . ."

Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng iyong pastor, hindi mahalaga kung ano ang sasabihin ko, o ano ang sasabihin ng sinuman. Kung salungat ito sa pinatunayang Salita ng Diyos, ang oras, ang panahon, ang Mensahe, at iba pa, kalimutan mo iyon. At lumayo mula riyan. At isusulit ko ang bawat isa sa inyo sa Araw ng Paghatol, at alam n'yo iyan. At sa kababaan ko sasabihin iyan, na nalalamang matanda na ako. Ako'y . . . Hindi sa kung mayroon akong alam, subalit nalalaman Niya. Sinusunod ko lang kung ano ang sabihin Niya.

138 Tingnan sa araw na ito ang naglalakihang mga krusada na nasa ating buong lupain. Napatunayang ito'y walang kabuluhan. At hindi ba't sinabi ngayon ni Jesus dito, sa Lukas 7:7, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin"? Walang kabuluhan ang ginawang pagdala ni David sa kaban. Walang kabuluhan ang ginawang pagsanay ni Ahab sa kaniyang mga propeta. Walang kabuluhan ang ginawang pagkuha ni Balaam sa perang iyon. "Na nagtuturo ng kanilang pinaka-aral ng mga utos ng mga tao." Ang mga utos lamang ng Diyos ang may kabuluhan, kahit gaano man ito ka—. . .

139 Tunay na napakasinsero ng mga taong iyon." Madalas n'yong mapakinggan iyan, "Napakasinsero nila." Wala pa ring kabuluhan iyan. Ang Saksi ni Jehova, ang Sabadista, at lahat ng mga kultong iyon, humahayo rito sa kalye at gumawa ng mga bagay-bagay na sinuman sa atin ay hindi makagagawa. Ang mga Catolico ay tumatayo sa mga kanto at nagpapalimos, at iba pa, mga kahanay ang mga iyon, at bilyung-bilyon na bilyung-bilyon ulit na dolyares ang halaga niyon, subalit patuloy pa rin ang palimos nito. Sinsero, walang pag-aalinlangan. Humahayo ang mga simbahan at—at nangangaral, at iba pa, at tumatayo ang mga ministro sa pulpito at ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang umakay ng mga bagong miyembro sa kanilang simbahan; ngunit isang bagong kaban iyon.

Mayroong lamang isang Kaban na susundan, iyan, ay ang Salita ng Diyos. Anumang bagay na salungat sa Kaban na iyan, ay layuan n'yo ito! Ito'y nasa isang bagong karo, at hindi sa mga balikat ng Diyos. Tama iyan. Lumayo ka mula sa bagay na iyan. Wala kang anumang gagawin para dito.

140 Ang ating naglalakihang mga krusada, ay bilyun-bilyon at milyun-milyon ang mga nagpapahayag na tumanggap. At duda Ako kung mayroon mang isang daan sa kanila, sa lahat ng ito. Kita n'yo, hindi pa naging isang malaking bagay.

Kung ganon tingnan ang pangakong Salita.

141 Naniniwala kang nabigo iyan, at alam nating bigo ito. Ilan sa ating magagaling na—na mga revivalist sa bansa ngayon ay nagsabi na lubos itong bigo. Nalalaman ng simbahan na bigo ito. Alam ng lahat na bigo ito. Buweno, bakit nga ba? Bakit nga ba bigo ito?

Ito ay para sa isang mabuting layunin. Ito'y akayin ang mga tao sa Presensiya ng Diyos, mga malalaking krusada. At milyung-milyon na mga tao ang gumugol ng kanilang mga pera, at inilagay ito sa mga malalaking krusada. At lahat ng mga simbahan ay sama-samang nagpupuntahan, naglalakihang mga bulwagan, at naglalakihang mga bagay, at mga dakilang bagay ang nagaganap. Bakit ito nabigo? Sapagkat hindi nila alam ang oras na kinabubuhayan nila.

Kaya hindi kataka-takang tumayo si Jesus, at sa Kaniyang puso'y umiyak Siya. Umagos ang kaniyang mga luha sa Kaniyang mga pisngi, at ang sabi Niya, "Jerusalem, o Jerusalem, makailang inibig Kong tipunin kayo, tulad ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw. Binato n'yo ang bawat propetang isinugo ko sa inyo. Ngunit ayaw ninyo. Subalit dumating na ang oras ninyo." [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito.—Pat.]

142 Hindi n'yo ba nararamdaman ang hiyaw ng Espiritu Santo sa loob ninyo? "Oh, Estados Unidos at ang mundo, gaano ka kadalas na ibiging tipunin ko kayo, ngunit ayaw ninyo. Ngayon dumating na ang oras ninyo. Ang inyong diyos ng kalayawan, ang inyong diyos ng karumihan, ang inyong Sodoma at Gomorra na diyos, ay nasa inyong kalagitnaan." Maging ang maliliit nating mga anak, naka-beate ang mga gupit, at nakapalawit ang bangs hanggang sa mga mukha nila, at nagsisimula ang kaunting pagkalihis. Nangawala na ang ating mga kababaihan. Ito'y wala ng katubusan. Ang ating mga kalalakihan ay naging mga binabae, na naglalakad na may mumunting, suot na mga korto, at kumikilos tulad ng isang batang babae, at nakalawit ang kanilang mga buhok hanggang sa kanilang mga batok. At tayo'y mga Sodomita, at ang apoy at ang kapootan ng Diyos ay naghihintay na sa atin.

143 Alam n'yo ba kung papaano Siya papatay, kung paano Niya ito wawasakin? Sa paraang lagi Niyang ginagawa noon pa. Kapag nakagawa ang isang patutot ng anumang kamalian, binabato siya hanggang mamamatay; dumadampot sila ng mga bato upang patayin ang babae na isang patutot. Ganiyan sa kung paano Niya patayin ang simbahan. Ang sabi ng Biblia, magpapaulan Siya ng mga batong granizo mula sa sangkalangitan, na tumitimbang ng isang daang libra bawat isa, at babatuhin Niya sila. Sino ang makapipigil sa Kaniya? Ano ang sinasabi ng siyensiya na hindi raw ito maaaring gawin? Gagawin Niya ito.

Kasing tulad nang gumawa Siya ng isang daong at inilutang si Noe sa kaligtasan, muli Niya itong gagawin para sa Kaniyang Iglesya.

At sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling mga kautusan at Kaniyang Sariling paraan, babatuhin Niya ang patutot na iyon na siyang gumawa ng pangangalunya sa mga hari at mga kapitan ng daan-daan at libu-libo. Babatuhin Niya ito hanggang sa mamatay, sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling mga kautusan na Kaniyang isinasaayos. Sino ang maaaring makakapagsabi sa Kaniya na hindi Niya kayang gumawa ng batong granizo?

144 Magtanong ka sa kanino man sa nakakaalam kung paano magsisimula ang isang patak ng ulan. At naging hugis bilog ito, at muling bumabalik sa pamamagitan ng isang singaw; dumadampot ito ng sapat, hanggang sa magkaroon ito ng isang tiyak na timbang, at babagsak ito pagkatapos.

Siya, ang Diyos. Maging. . . ni hindi nga Siya maaaring pigilin ng grabitasyon ng mundo, at itinaas Siya sa Langit. Ang Diyos, na Siyang may gawa ng grabitasyon, ay makagagawa din ng isang makina na may sapat na laki upang makapaghahagis ng bato na tumitimbang ito hanggang sa isang daang libra. Sinabi Niyang gagawin Niya ito, at gagawin Niya ito. Sino ang maaaring magsabi na huwag Niyang gawin ito? Gagawin Niya ito, sapagkat sinabi Niyang gagawin Niya ito.

145 Narito na tayo sa mga huling araw. Tayo'y tumatayo sa nalalapit na paghuhukom. Bakit? Sinusubukan nilang kumain ng lumang mana na nahulog roon mga limampung taon na ang lumipas, ang Pentecostal na iglesia. Nagsubok din ang simbahang Holiness, may higit nang dalawang daang mga taon na ang lumipas. Ang Lutherans, may tatlong daan o higit pa, mga lumipas na taon, daan-daang taon, na ang lumipas. Sinisikap nilang kumain ng lumang mana. Oh, kapatid, panis na ang mga bagay na iyon. Bulok na ito. Magkakaroon ito. . . Mayroon itong—mayroong itong. . . Aba'y, lagi kong sinasabi, may mga kiti-kiti na ito, mga uod. Papatayin ka nito, kung kakainin mo ito.

146 Kung nasumpungan ni David o kung sino man sa kanila na nakipagsangguni lamang sana sa Tinapay ng oras na iyon.

Kung ang mga saserdote, at mga propeta, at mga mangangaral, at mga teologo, at mga eskuwelahan, at mga denominasyon, ay isinangguni man lang sana ang oras na iyon! Subalit ngayon wala na itong buti na maidudulot sa kanila. Ito'y nakalipas na. Hindi na ito makatulong ni katiting man. Wala na siya ngayon. Tinawid na niya ang linya may limang taon na ang nakalipas, sa pagitan ng pagsisisi, paghuhukom at habag.

147 Pansinin, ano kung ganon? Ano ang maaaring gawin? Ano ang dapat gawin? Sanggunihin natin ang propeta, ang Biblia,

kung saan hindi tayo maaaring magdagdag o magbawas mula Rito. Kung gagawin natin iyon, aalisin tayo ng Diyos sa Aklat ng Buhay.

Ang sabi ng Biblia, sa Malakias 4, sa kung ano ang mangyayari sa araw na ito. Sa Apocalipsis 10, kung paano mabubuksan ang Pitong Tatak at ipahayag ang lahat ng mga hiwagang ito na itinago sa mga repormista na ito! Kaniyang sinabi kung paano ito isagawa. Ito'y nasa Biblia, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Nilubos na ito ng Diyos, ganap ng ipinakilala iyan, at pinatunayan Ito na siyang Katotohanan, sa pamamagitan ng mga tanda, mga kababalaghan sa sangkalangitan, sa mga himpapawid, at lahat-lahat na, sa loob ng tatlumpu't-tatlong taon.

Sa palagay n'yo kaya makikinig pa sila Dito? Hindi. Mga patay sila. Inilagay nila ang kanilang mga kamay sa isang bagay na siyang pumatay sa kabuuan nito. Hindi, hindi iyon; hindi iyon, hindi kailanman.

148 Ito'y kung kailan nangyari ang bagay na ganito, na nakita ni David. O Diyos, isugo sa amin ang isang David na makakakita kung saan siya nakatayo, na mababantayan at makakakita sa kung ano ang ipinangako ng Diyos, kung paano Niya ito isasagawa sa araw na ito. Sinabi ito ng Diyos dito mismo sa Kaniyang Salita, kung paano Niya ito gagawin.

149 Sinabi ng Diyos kay Micheas. Sinuri ni Micheas ang kaniyang pangitain sa harap ng apat na raang mga dinakilang propeta. Sinuri niya ang kaniyang pangitain upang makita kung ito'y tama. Tiningnan niya pabalik kung ano ang sinabi ng propeta na nauna sa kaniya upang makita kung ano ang nangyari. Tiningnan niya pabalik, at nakita niyang nakatayo roon si Elias, ang sabi, "Ahab, hihimurin din ng mga aso ang iyong dugo, din." Ngayon, nakita niya na kung ganon ang pangitain ay tamang-tama na sumang-ayon sa Salita ng Diyos, kung kaya niya ito ipinahayag. At tama siya roon. Tama iyan. Kahit anuman ang sabihin ng iba pa sa kanila, nanatili pa rin siya sa Salita.

150 Ngayon tingnan natin ang pangitain na mayroon tayo sa araw na ito. Ito ba'y pagtatayo ng mga simbahan; ito ba'y mga bagong bagay, ito ba'y mga dakilang bagay na mangyayari? O, ito'y kahatulan? Balikan mo ng tingin at makikita mo ang pangako sa araw na ito, na makikita kung anong kapanahunan ang kinabubuhayan natin.

151 Sasabihin mo, "Buweno, pagpalain ang Diyos, kapatid, ako'y sinsero. Dumadalo ako sa simbahan. Mayroon akong batsilyer sa sining. Nagawa ko ang *ganito*." Tama naman iyan, mabuti iyan, walang anumang laban dito; ganundin naman si David, ganundin naman ang mga saserdote ng araw na iyon, ganundin naman ang mga teologo. Subalit salungat iyon sa Salita.

152 Sinabi ng Diyos kung papaano Niya gagawin ito sa araw na ito, kung paano Niya isauli ang lahat ng mga bagay, kung ano ang gagawin Niyang muli. Ipinangako Niya ang pagsasauli. Tamang-tama iyan. Sa Joel 2:28, ipinangako Niya na isasauli Niya. "Aking isasauli," ang sabi ng Panginoon, "lahat ng mga taon na kinain ng uod." Mayroon silang isang di—. . . Kita n'yo, iisang uod iyan; ito'y nasa magkakaibang antas lamang ng buhay. At nang sinimulang kainin ng Catolicismo, pagkatapos ng Lutheran at Metodista, at mga Pentecostal, at lahat-lahat na, pababa; ang sabi Niya, "Aking isasauli ang lahat ng bagay sa isang Iglesia kasingtulad niyaong unang kalagayan."

153 Masdan ang pangitain noong isang gabi. Tamang-tama ang iisang Nobya dumarating sa gawing *ito*, dumarating sa gawing *ito*. Pagkatapos niyaon ay dumaan ang mga patutot na suot ang kanilang mga damit pangkasal, ang mga lumang bagay-bagay nila sa *ganitong* kaparaanan, nagsasayaw ng rock-and-roll, at tinatawag ang kanilang mga sarili ang Iglesia.

Sasabihin n'yo, "Aba'y, hindi namin ginagawa iyan."

Sa ganiyang paraan kayo nakikita ng Diyos. Hindi sa kung ano n'yo nakita ang iyong sarili. Ito'y sa paraang nakikita kayo ng Diyos. Walang sinumang tao na tinitingnan ang kaniyang sarili na mali. Kapag tumingin ka sa salamin ng Salita ng Diyos, sasabihin Nito sa iyo kung ika'y mali o hindi. Kung ginawa iyon ni David, makikita niyang mali siya. Kung ginawa iyon ni Ahab, o yaong mga propeta ay ginawa iyon, makikita nila ang kanilang mga sarili na mali.

154 Ang sabi ng isang pinatunayang propeta, "Mamamatay si Ahab, at hihimurin ng mga aso ang kaniyang dugo." At tamang-tama ang hula niya Rito. Pagkatapos ay nalaman niya na tama siya. Maging si Josaphat ay dapat nakita ito at nalaman ito. Nang makita ni Micheas ang pangitain, wala siyang gaanong kakampi sa mga araw na iyon, ngunit mayroon siyang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama siya.

155 Pansinin, dala-dala na natin ang bagay na ito ngayon sa araw na ito, kapag nakita na natin ang dakilang oras na kinabibilangan natin.

Pansinin kung ano din ang sinikap na gawin ni David. May mumunting naitala ako dito tungkol diyan. Sinisikap niyang dalhin ang kaban sa lungsod ni David, ang kaniyang sariling denominasyon.

156 Balikan natin ang pansin doon nang unang salitain ng Panginoon sa dako rito ng ilog, "Tulad nang si Juan Bautista ay sinugo upang pangunahan ang unang pagdating . . . "

Kapatid, ang mga Assemblies ay hindi matanggap iyan, ni ang mga United, lahat-lahat sila. Mayroon silang iisang bagay saan man iyon. Ah, gagawin nilang lahat iyon, kita n'yo,

tamang-tama iyan. Lahat sila ay kailangang dalhin ito sa sarili nilang bahay.

157 Gusto itong dalhin sa lungsod ni David. Bakit? Wala pang handang dako para dito.

At iyan ang dahilan na hindi n'yo maaaring dalhin ang Mensaheng ito sa isang denominasyon. Ang Salita, ang Kaban, ang Cristo, "na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ang lahat ng kaniyang pagkakakilanlan, hindi mo maaaring dalhin Ito sa iyong organisasyon. Hindi nila paniniwalaan Ito, sapagkat wala ng silid para Dito. Hindi ba sinabi ng Biblia na nasa labas Siya ng iglesia ng kapanahunang Laodicea, na nagsisikap upang makapasok muli?

Walang dako sa lungsod ni David, kahit gaano pa katapat iyon, at gaano kalaki iyon, at—at iba pa. Hindi pa rin iyon ang dako. Kinakailangan sa Jerusalem iyon. Doon iyon dinala bandang huli, nang sinabi ng propeta kung ano ang gagawin dito. Kita n'yo? Kung kaya dinala iyon ni David sa kaniyang lungsod. Walang dakong handa roon para dito.

158 Si Cristo ang ating Kaban, at hindi nila Ito tatanggapin. Si Cristo ang Salita; hindi nila tatanggapin Iyon. Gusto nila ang kanilang kredo, ang kanilang denominasyon, isang bagong kaban, o—o isang bagong sasakyan. Gusto nilang dalhin Iyon sa kanilang denominasyon; isang bagong kaban. Huh!

Tandaan, si Cristo ang ating Kaban! Naniniwala ka bang si Cristo ang Salita? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Iyan ang Kaban, kung ganon. Tama ba iyan? Tama iyan. Hindi mo maaaring dalhin di Cristo, sa kaniyang kalagayan, sa pamamagitan ng anumang karo ng denominasyon. Nangungusap Siya sa isang tao, at hindi sa isang grupo. Kailan man hindi Niya ginawa na mangusap sa isang grupo; isang tao lang. Kapag, sinabi Niyang hindi Niya gagawin. Kung gagawin Niya, sasalungatin Niya ang Kaniyang Salita, sa Amos 3:7. Hindi mo Ito maaaring pasinungalingan. Hindi, ginoo. Ito'y Katotohanan.

159 Subalit, kita n'yo, sinikap nila. Ang Kaban ay hindi maaaring dalhin ng organisasyon. Maraming mga pinuno iyon. Kita n'yo? Hindi ito maaaring gawin. Ipinangako Niyang hindi Niya gagawin iyon, at hindi Niya iyon gagawin. Ang sabi Niya . . . kailan Niya ipinangako—kailan Niya ipinangako na gagawin ito sa ibang paraan? Kaya iyan ang dahilan na ipinangako Niyang hindi Niya gagawin ito.

Huwag kayong maniwala sa ganong mga kaisipan. Nararamdaman ko ito. Kita n'yo?

160 Kung kaya Kaniyang—Kaniyang ipinangako na gagawin Niya ito sa isang tiyak na paraan, at alinmang bagay na salungat dito ay hindi Niya gagawin iyon. Kita n'yo? Ngunit sa

pamamagitn ng Kaniyang orihinal na paraan, ayon sa kung ano ang Kaniyang sinabi sa Amos 3:7, iyan ang paraan Niya na gawin iyon. At kinakailangang mapatotohanan iyan at mapatunayan na siyang totoo.

Ngayon, alam n'yo kung ano ang Kaniyang ipinangako ngayon, kung ganon ginagawa Niya iyon sa araw na ito. Iyan lang kung ano ang sinabi Niya na gawin Niya iyon. Kaniyang bubuksan ang Pitong Tatak na iyon, at ano pa ang gagawin Niya; ihahayag ang mga hiwaga roon, kung paano itong mga bautismo at lahat ng bagay na naging magulo lahat. At ito na iyon, sa Kaniyang pinaka Presensiya. Napatunayan iyon ng siyensiya. Ipinahayag iyon ng sangkalangitan. Ang nakatayong lalaki, minamalas mismo iyon, at nakita itong nangyari. Hindi sa isang bagay na sinabi Niya kundi yaong pinatotohanan Niya. Hayan na kayo. Upang inyong makita lamang kung nasaan na tayo sa araw na ito naroroon.

161 Ngayon, sino mang lalaki na may Espiritu Niya, ay nakaaalam niyan; na may Espiritu ng Diyos sa kaniya, nalalamang Ito ang Katotohanan, sapagkat hindi nagsasalita ang Espiritu ng Diyos laban sa Salita. Hindi, hindi. Kailangang maging ayon iyon sa Salita.

Sasabihin mo, "Natanggap ko ang Espiritu Santo. Sumigaw ako; nagsalita ako ng iba't ibang wika. Sumayaw ako sa Espiritu." Hindi iyon nangangahulugan ng anumang bagay sa Diyos. Kita n'yo?

Ganundin ang ginawa ni David, sadyang iisang bagay, doon sa nakalipas. Umawit siya ng kaniyang buong lakas, sumigaw siya ng buong lakas niya. Ganon ang kanilang ginawa lahat sila, at naglalakad sila mismo sa kanilang kamatayan. Tama iyan. Walang anumang bagay iyon na magagawa rito.

162 Ang Salita ang siyang mahalaga, ang Salita ng Panginoon. "Silang nangaghihintay sa Panginoon." Opo, ginoo. Kita n'yo, sila na may Espiritu ng Diyos sa kanila, tumitingin sa pangako para sa araw na ito, at masdan at maghintay hanggang sa makita nila Ito. Kung ganon kanilang sasabihin, "Iyan na Iyon." Ipinahayag Ito ng Diyos sa kanila.

163 Tulad ni Natanael. Umalis si Felipe at natagpuan si Natanael. Ang sabi ni Natanael, "Ngayon maghintay ng sandali. Alam kong ipinangako iyan, subalit gusto kong makita Ito." At nang makita Ito, ang sabi niya, "Iyan na Iyon."

Ang sabi ng babae, "Ngayon, alam ko, narinig ko na ang lahat ng uri ng mga teologo. Ginawa ko na ang *ganito* at *ganoon*. At nabasa ko ang Biblia, sa aking sarili, at alam ko na tayo'y . . . May isang Mesiyas na darating, na siyang gagawa ng mga bagay na Ito, kung kaya Ikaw marahil ang Kaniyang propeta."

Ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

164 Ang sabi niya, "Halikayo, tingnan ang isang Lalaki, ito na Iyon." Naghintay siya hanggang makita niya ang pagkakilanlan ng Mesiyas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pagkatapos sinabi niya, "Iyan na ang matagal nating hinintay, mga apat na raang taon. Wala tayong propeta o anuman. Heto na Siya, at Siya Mismo ang nagsasabi na Siya na nga Siya." [Blankong na bahagi sa teyp—Pat.] " . . . lumabas at tingnan ang isang Lalaki na Siyang nagsabi sa akin ng lahat ng aking mga ginawa."

Subalit gusto ng mga saserdote na patayin Siya, at nagawa nila iyon sa huli. Kita n'yo?

Ngunit hindi nila kayang patayin ang Kaniyang Espiritu sa araw na ito. Tama iyan. Hindi, hindi nila kayang patayin Ito. Ito ang magdadala sa atin sa loob, kaya't nagpapasalamat tayo ng lubos. Pansinin kung gaano kadakila ang Diyos, gaano kadakila ang Kaniyang mga gawa, kung papaano ito hindi kailanman mabibigo!

165 Ngayon, ang Diyos ay may inilaan at orihinal na paraan upang gawin ang mga bagay, at hindi Niya iyon gagawin ng salungat diyan.

166 Ngayon ipinangako Niya nitong mga huling araw kung ano ang Kaniyang gagawin. At ipinadala Ito sa kanila, sa atin ang Mensahe; at ang Mensaheng ito ay iisa ang pagkakilanlan gaya nang kay Elias, gaya ng Eliseo, gaya nang kay Juan Bautista. At papagbabaliking loob Nito ang puso ng mga tao, hindi sa isang denominasyon, datapuwa't panunumbalikin sa orihinal, mga apostolikong ama, na magbalik sa Salita. Kung paano pinatunayan ang mga bagay na ito. Kung paano na sa pag-ihip ng huling anghel, sa Apocalisis 10, "Sa mga kaarawan ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga na lahat noon ay . . . "

"Bakit ginawa ng Methodista ang gawang *ganito*, at ang Baptist, at ang iglesia ni Cristo, at ang Saksi ni Jehovah, lahat ginawa ang *ganiyan?"*

"Ang mga hiwagang iyon ay maihahayag sa huling araw, kapagka ang pitong anghel . . . ang Mensahe ng ikapitong anghel, kapagka siya . . . " Hindi nang simulan niyang gawin ito, kundi, "Kapagka sinimulan na niyang ipangaral ang kaniyang Mensahe." [Kumatok ng dalawang beses sa pulpito si Kapatid na Branham—Pat.] Kita n'yo? Hindi sa mga taon ng paghahanda, kundi, "Kapagka sinimulan na niyang ipangaral ang Mensahe, ang mga hiwagang ito kung magkaganon ay maihahayag." At heto na sila; na hindi nalalaman ang mga ito, at kayo ang mga saksi niyan.

167 At kung ganon sa malaking obserbasyong iyan, na kung kaya ang mundo ay walang alam, sila'y nagtataka pa rin kung ano ang nangyari. Sa Tucson, ang mga naglalakihang obserbasyon doon ay nakunan ang larawan niyon doon sa itaas; nangagtataka pa rin sila kung ano ang nangyari. Ano ba iyon? Inilalagay

pa rin nila ito sa pahayagan, "Mayroon bang nakakaalam ng anuman tungkol dito, kung paano ito nangyari?" Walang ulap doon sa itaas, walang hangin doon, walang singaw doon; may tatlumpong milya ang taas sa himpapawid. Oh, naku!

"Magkakaroon ng mga tanda sa sangkalangitan. At kapag nagaganap ang mga bagay na ito, mga lindol sa iba't ibang dako, kung magkaganon lilitaw ang tanda ng Anak ng tao, sa langit." "Ang araw na iyon," sa Lukas, "ang Anak ng tao ay muling ihahayag ang Kaniyang Sarili; bilang naihayag na, ang Kaniyang Sarili." At ang mundo ay maitutulad sa Sodoma at Gamorra. Oh, naku!

Mga kapatid, huwag kayong maging mangmang sa mga bagay na espirituwal, kita n'yo. "Saliksikin ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo sa mga Yaon ang Walang Hanggan, ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan; at Sila Yaong nagpatotoo tungkol sa Salita." Sila Yaong nagpatotoo sa Katotohanan, sa mga bagay na ginagawa ng Diyos sa mga oras na ito.

168 At ano ngayon? Silang may taglay na Espiritu ng Diyos, ay naghihintay sa mga bagay na ito. At kapagka nakita na nila ang mga bagay na ito, paniniwalaan nila ang mga bagay na iyon. Ang sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na ang Aking Ama ang maglapit sa kaniya. At ang lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin," Siya ang Salita, "lalapit sila sa Akin. Lalapit sila sa Akin."

169 Medyo may pagkagaspang ako sa umagang ito, kita n'yo. Naghihintay sila sa Panginoon, nangaghihintay; at kapag ginawa nila iyon, at makita ang pangakong iyon sa araw na ito, na pinatutunayan, pinagbabago nito ang kanilang pananampalataya sa Kaniyang Salita. Pagkat, ipinangako Niya itong gagawin, at narito ginagawa Niya ito. Kung magkaganon ay wala ng pag-aalinlangan. Nangungusap ang Diyos. Ang Kaniyang Salita, una, ang nangungusap. At pagkatapos ang Espiritu na maydala Nito ang gumagawa ng bagay na sinasabi ng Salita na gagawin Niyon.

Oh, mayroon tayong napakaraming manggagaya. Marami pa ang darating sa kanila, mga taong may tapat na puso na nagsisikap na gumawa ng mga bagay sa *ganitong* paraan at *ganiyang* paraan, ngunit masdan kung ano ang nangyari. Mga taong ilalagay ang kanilang mga kamay, at pagkatapos—pagkatapos ay mamamatay. Kita n'yo, pansinin.

170 Walang taong may pamamaraan ng denominasyon ang kailanman uubra, na gumagawa ng mga kasapi para sa kanilang mga kabang pangdenominasyon sa sariling gawa. Kailanman ang Diyos ay hindi nagkaroon ng denominasyon. Kailanman ay hindi Siya magkakaroon ng denominasyon. At ito'y isang bagay na gawa ng tao.

171 At nagtataka ako, sa araw na ito, kung ang lahat ng ating mga panghihikayat at naglalakihang mga krusada at mga rebaybal, hindi pa rin natin napupuno ang kaban ng Metodista, ang kaban ng Baptist, ang kaban ng Presbytarian! Subalit ano ang tungkol sa Kaban ni Cristo, ang Salita?

At kung ang Nobya ang siyang magiging Salita, kung magkaganon kailangang Siya'y manggaling kay Cristo, bahagi ng Nobyo. Kinakailangang siya'y magiging Salita; ang Salitang hindi para sa Kaniyang kaarawan; ang Salita para sa araw na ito, na ipinangako Niyang magiging sa araw na ito, na Kaniyang ipinadala ang Kaniyang Salita upang hubugin ang Kaniyang Nobya at gawin Siya. Umaasa akong nakita natin ito! Huwag tayong magkaroon ng sariling pananaw ngayon, at huwag nating kunin ang pananaw ng iba. Kunin natin ang pinatunayang Salita rito, ang Biblia. Ang sinasabi Nito.

Naipangako ng Diyos sa Kaniyang Salita kung paano Niya piliin ang Kaniyang Nobya sa huling araw na ito. Alam ba ninyo iyon? Ipinangako Niya ito, kung paano Niya gagawin ito, at iyan ay sa pamamagitan ng Kaniyang orihinal na panukala ng pagpili kay Cristo, ng pagpili sa mga panahon, mga pagpili sa mga kapanahunan, paano Niya . . . Hindi Niya ito maka- kaligtaan, sa Kaniyang Nobya, dahil sa Siya ay bahagi ng Salitang iyon.

Hindi Niya pipiliin ito sa pamamagitan ng isang denominasyon dahil kailanman ay hindi Niya pinili si Cristo sa pamamagitan ng isang denominasyon. Dumating ba si Cristo para sa isang denominasyon? Dumating ba Siya sa pamamagitan ng isang denominasyon? Hindi. Itinatakuwil nila Siya. Buweno, iyan kung anong ginawa ng denominasyon pagkatapos. Kung ganon kapag pumipili Siya ng isang Nobya, maaari ba Siyang dumating sa ibang pamamaraan?

Paano Niya dinala si Cristo dito? Sa pamamagitan ng Salita ng mga propeta. Tama ba iyan? Paano Niya dadalhin ang Kaniyang Nobya dito? Sa pamamagitan ng Salita ng mga propeta.

Paano Niya ipakikilala Siya kapag dumating na Siya? Sa pamamagitan ng isang lalaki na may taglay na espiritu ni Elias, lumalabas mula sa ilang. Paano Niya makikilala ang Kaniyang Nobya? Ipinangako Niya sa Malakias 4 ang iisang bagay, bago Niya gunawin ang mundo, gaya nang sa mga kaarawan ng Sodoma.

172 Alalahanin, sinunog ang Sodoma. Tama ba iyan? Buweno, ang mundong ito ay susunugin. Sinalita ito ni Jesus. At magiging panahon iyon, na, gaya sa Lukas ika-17 na kabanata at sa ika-30 na talata ang sabi, "Sa mga kaarawan na tulad sa Sodoma at Gomorra, kung magkaganon ay maihahayag ang Anak ng tao."

At pagkatapos ano ang mangyayari? Ayon sa Malakias, Kaniyang muling susunugin ang mundo, at ang mga matuwid

(doon sa Milenyum) ay lalakad sa ibabaw ng abo ng masasama. Tama ba iyan? Kita n'yo?

Kaya naririto na tayo ngayon sa huling panahon. Nakaupo tayo ngayon dito sa pintuan, naghihintay sa pagdating Niya.

173 Pansinin, ipinangako ng Diyos sa Kaniyang Salita na pipiliin Niya ang Kaniyang Nobya sa pamamagitan ng Kaniyang orihinal na paraan. Pinili niya ang Kaniyang. Kasintahang Lalaki! Sinalita Niya ito nung una sa pamamagitan ng mga propeta, at isinugo ang isang propeta upang makilala ito.

Sinabi ng propeta, nakatayo sa pampang ng Jordan, "Narito!"

Ang sabi nila, "Ikaw ang Mesiyas, hindi ba?"

Ang sabi niya, "Hindi, hindi ako ang Mesiyas."

"Ikaw marahil ang Mesiyas."

174 "Datapuwa't ako ay hindi Siya. Subalit nakatayo Siya sa inyong kalagitnaan. At ang kaniyang pangyapak, ay hindi ako karapat-dapat magtanggal. Kapag dumating Siya, ay ipapakilala Niya sa Kaniyang sarili . . . "

At sa araw na ito ay nakatayo Siya sa kalagitnaan natin, sa katauhan ng Espiritu Santo, na inihahayag ang Kaniyang sarili ng lalong higit pa, bumaba ito sa Kaniyang Iglesya, na ipinakikilala ang Kaniyang sarili; sapagkat, Siya, at ang Nobya at ang Nobyo ay magiging iisa, na ipinakikilala ang Kaniyang sarili. At matatalastas n'yo isang araw na yaong Isa na nadama n'yo sa inyong puso, at nakita ang Kaniyang pagkakilanlan, ay magiging persona mismo sa inyong harapan, kung magkaganon ikaw at Siya ay Iisa.

Nagkaisa kayo sa pamamagitan ng Salita. At ang Salita, ay nasa pasimula, ay muling babalik sa pasimula, na siyang Diyos. "At sa araw na iyon ay makikilala ninyong Ako'y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako'y nasa inyo, at kayo'y nasa Akin." Aleluya! Tayo'y naririto na. Aleluya! Ako'y nagagalak na makita Siya na inihahayag ang Kaniyang katauhan sa ating kalagitnaan, at makita kung ano ang ipinangako Niya para sa Salita; hindi kung anong emosyon ng sinuman, umaawit, at tumatalon, at sumasayaw. Kundi sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, amen, ipinakikilala Niya ang Kaniyang Sarili.

175 Tingnan, nang dalhin nila, itinayo ang templo at dinala ang kaban sa loob nito, pumasok ang Diyos roon sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy. Amen. Si David iyon na tumatalon at humihiyaw, ang lahat ng mga mang-aawit iyon at mga saserdote na gumagawa niyon, habang wala sila sa kalooban ng Diyos. Subalit nang makilala ng Diyos ang kaban sa Kaniyang dako at posisyon, bago pa nila maipasok ito roon, narito at dumarating ang Haliging Apoy na nangunguna sa kanilang daan; mismo sa itaas ng mga pakpak ng querubin, at doon sa loob

ng Pinakabanal na dako, ang dako ng Kaniyang pahingahan; ang Haliging Apoy! At ang kaluwalhatian ng Diyos na naroon, hanggang sa ang mga tao . . . ni hindi na nga nila makita kung paano maglingkod. Amen.

Isasara nito ang mga mata ng bawat teologo, kapag dumating na Siya para sa Kaniyang Nobya. Kukunin Siya paitaas sa—sa hating gabi, gaya iyon noon, sa kanila. Ni hindi nga nila makikita ang pag-alis Niya. Oh, purihin ang Diyos!

176 Pansinin, ipinangako ng Diyos na dadalhin Niya palabas ang Kaniyang Nobya, Kung ano ang gagawin Niya. Magkakaroon ng isang Binhi. Magkakaroon ng Liwanag sa panahon ng gabi, paano Niya gagawin ang lahat ng mga bagay na ito, ng tamang-tama, at sa pamamagitan ng paraan ng orihinal Niyang ipanukala ito sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan.

At hindi ito sa pamamagitan ng denominasyon. Hindi iyon sa pamamagitan ng sistemang ginagamit natin sa araw na ito. Idinudulot lamang natin ang kamatayan. Inilalagay ng mga tao ang kanilang mga kamay Dito, at mamamatay mula rito. Kita n'yo?

177 Ang Salita, ang pang-gabing Mensahe, ay kailangang magdala ng pang-gabing mga bunga. Ang pang-gabing Mensahe ay kailangang magtanim ng panggabing Binhi, hindi pang-umagang binhi. Pang-gabing Binhi! Tama ba iyan? Ang pang-tanghaling eksena, ang mga binhi nito roon, ay denominasyon; namatay iyon, wala na iyon. Subalit ang panahon ng pang-gabing Mensahe may maghahayag ng pang-gabing Liwanag, maghahayag ng panahon ng pang-gabing mga bunga; ang panahon ng pang-gabing Mensahe!

Ang panahon ni Jesus, ang pangtanghaling mensahe, ay naghayag ng pangtanghaling bunga. Ang panimulang mensahe ay naghayag ng panimulang mga bunga, gumawa ng paglikha. Ginawa Niya ang Kaniyang Anak sa Kaniyang Sariling larawan, sa tanghali. Sa panahon ng gabi ay ginawa Niya ang isang Nobya para Dito. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng ano? Sa Kaniyang Salita.

Paano Niya inanyuan ang mundo? Paano Niya sinalita ang paglitaw nito? Sa pamamagitan ng Kaniyang Salita!

Sino ang Kaniyang Anak? Ang Salita! "Nang pasimula ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna nila."

Paano Niya kukunin ang Kaniyang Nobya? Sa pamamagitan ng Salita; hindi sa pamamagitan ng isang bagong karo, hindi sa ilang kaisipan ng teologo. Subalit ayon sa Kaniyang Salita ay makikilala Siya. Ngayon huwag kang magdagdag ng isa mang bagay Dito o magbawas ng isang bagay mula Dito. Hayaan Ito sa paraang Ito. Kita n'yo?

178 Ang panahon ng gabi, ipinangako Niyang ihahayag Niya, ganon man, binuksan ang Pitong Tatak na iyon at ipinakita kung ano ang nakaligtaan ng mga iglesiang iyon doon sa lumipas. Sa Apocalipsis 10, at sa Malakias 4, Lukas 17:30, sinabi Niyang gagawin Niya iyon. Ngayon huwag nating paghalu-haluin ito. Panatilihin nating ito'y ganiyan.

179 Hayaan n'yo ako, sa pagwawakas. . .Ito'y mga bandang, malapit na sa kinse minuto bago mag-alas dose. Hayaan n'yong magtapos ako, sa pananalitang ito.

Mga kaibigan, makinig, sa Pangalan ng Panginoong Jesus! Ang mga bagay na ito ay napakalinaw upang hindi ninyo mapaniwalaan Ito. Napakalinaw nito sa inyo upang hindi ninyo makita Ito. Tiyak na inyong makikita Iyan! Tiyak na makikita ng mundo ito! Subalit ang iyo lamang . . .

Huwag kayong maimpluwensiyahan sa pamamagitan ng mga bagong fang-dangles na ito at mga bagay na mayroon sila sa araw na ito; hindi mahalaga sa akin kung gaano kabuting tao sila, gaano sila ka sinsero. "Kung hindi sila magsasalita ayon sa kautusan at mga propeta," ang sabi ng Biblia, "walang Buhay sa kanila." Kita n'yo?

180 Ipinalagay ni David na tama siya. Sinsero siya. Ipinalagay ng mga saserdoteng iyon na tama sila. Sinsero sila. Subalit nabigo silang sanggunihin ang Panginoon tungkol dito. At paano nila ginawa iyon? Marahil sinabi nila, "Tapos na tayong manalangin." Subalit hindi iyon ang paraan ng Diyos sa paggawa nito. Ipinangako Niya na wala Siyang gagawin hanggang hindi Niya muna ito ihahayag sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta. At naroon si Nathan mismo sa kalagitnaan nila, at hindi siya sinangguni kailanman.

181 Ngayon basahin ninyo ang kasunod pang mga kabanata ng Mga Cronica doon, at iyong makikita. Nang naupo si David sa kaniyang bahay, at ang sabi, "Tama ba ito," at nakaupong kasama niya si Nathan, "na ako'y mayroon, nakatira sa bahay na sedar, at—at ang kaban ng Diyos sa ilalim ng mga tolda doon sa labas?" At nasumpungan ni Nathan, mula sa Panginoon, kung ano ang sasabihin sa kaniya upang gagawin.

182 At ginawa niya ang isang ganap na mali, kung kaya sinabi ng Diyos, "Sabihin mo sa aking lingkod na si David na mahal ko siya. Binigyan ko siya ng pangalan tulad ng mga dakilang kalalakihan sa ibabaw ng lupa, datapuwa't hindi ko siya pinayagang gawin iyon," kita n'yo, "binigo niya Ako. Kita n'yo, hindi ko siya maaaring payagang gawin iyon. Maglalabas ako ng isang lalaki, na kaniyang anak, ang magtatayo ng mga walang hanggang bahay ng Diyos." At si David iyon, mangyari pa. Na, itinipo iyon kay Solomon, subalit pagkatapos ay nabigo siya. Bawat tao ay kailangang mabigo. Bawat tao ay kailangang mabigo.

Tanging ang Diyos lamang ang Isang hindi maaaring mabigo. Hindi siya maaaring mabigo. Iyan ang isang bagay na hindi magagawa ng Diyos, ang mabigo. At ang Diyos ay ang Salita. At ang Salita, kahit gaano pa ito magmukhang tila bagang ito'y darating sa ibang paraan, darating ito ng tamang-tama sa paraan na sinabi ng Salita.

183 Ngayon tandaan, kailangang sundan mo ang kapanahunan, ang panahon. Kita n'yo? At sa anong kapanahunan ka napapaloob, sa anong panahon, at gawin iyon na pinatunayan, upang makita na ito'y tamang-tama na Katotohanan.

184 Ngayon kunin lahat ng mga kailangang ito, lahat ng Salita, lahat ng mga tipo, at mga bagay-bagay, at tingnan kung saan ka napapaloob. Bulayin mo ang oras na pinamumuhayan natin.

Tingnan doon, na halos isang maka sampu ng mundo ay nalalapit nang gumuho. Sinabi ito ng siyensiya. Tumitingin sila sa orasan. Mga ilang taon na ang lumipas, ang sabi, "Tatlong minuto na lang upang maghating-gabi." Maaring isang minuto, maaaring kalahating minuto na lang.

Ang sabi nila, "Hindi ito mangyayari sa ating henerasyon."

185 "Maaaring mangyari ito sa loob ng limang minuto." At pansinin ang sumunod niyang sinabi, "Limang taon." Hindi ako ang maysabi niyan. Sinabi niya iyan, ang siyentipiko. Pulu-pulutong silang umalis sa California gaya ng mga langaw. Kita n'yo? Buweno, nang araw na lumabas si Lot ng Sodoma, sa araw ding iyon umulan ng apoy sa ibabaw ng lupa.

Isa sa mga araw na ito aalisin ng Diyos ang ating Mensahe, at tayo'y aalis mula rito. May isang bagay na mangyayari, tiyak iyan, kung magkaganon, mawawala ang Iglesia, ang Kaniyang Katawan, ang Kaniyang Nobya.

186 Ngayon nais kong magbasa sa inyo ng Kasulatan, at nais kong samahan n'yo ako sa pagbasa Nito. Nais kong buklatin ninyo ang Deuteronomio 4, sa pagtatapos. Sa palagay ko'y sapat na marahil ang mga sinabi ko, na inyong mauunawaan. Sa Deuteronomio 4. Nais kong magbasa ng dalawang dako rito.

At sa iglesiang ito, at sa mga teyp, sa mga taong nagti-teyp, at ang mga taong naka-hook-up sa ilang bahagi ng bansa, nais kong pakinggan n'yo ito ng mabuti, at huwag n'yong palampasin. Ito ang bagay na aking . . .

Sa Deuteronomio, ang ika-4 na kabanata. Kukunin ko ang unang talata. Nais kong basahin ang unang talata, pagkatapos ay babasahin ko ang ika-25 at ika-26 na talata. Maaari n'yong basahin itong lahat sa inyong pag-uwi; ngunit para lang, makatipid sa oras, upang makalabas tayo ng nasa oras, 'pagkat nais kong bumalik muli mamayang gabi, loloobin ng Panginoon. Pakinggan ang pangungusap ng propetang ito. Nanggaling na

siya sa Presensiya ng Diyos. Alam niya kung ano ang sinasabi niya. Pakinggan.

> *At ngayon, Oh, Israel, dinggin mo ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo, upang kayo'y mabuhay, at pumasok at inyong ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon ng Dios ng inyong mga magulang.* (Katipo iyan ng ating Milenyum.)
>
> *Huwag ninyong daragdagan ni babawasan ang salita na aking iniuutos sa inyo,* ("Huwag kang magdagdag ng anuman Dito, at huwag kang magbawas ng anuman mula Dito. Manatili, magsalita lamang kung ano ang sinasalita Nito!") *upang inyong maingatan ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios na aking iniuutos sa inyo.*
>
> *Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng Panginoon*. . .*kay Baal-peor; sapagkat lahat ng mga* tao *na sumunod kay Baal-peor,* ay *nilipol ng Panginoon mong Dios sa gitna mo.* ("Ngayon kayo'y mga taong naibukod na, mula sa mga denominsayon na iyon." Kita n'yo? Kita n'yo?)
>
> *Ngunit kayong umaayon sa Panginoon ninyong Dios, ay nangabubuhay pa ang bawat isa sa inyo sa araw na ito.* ("Hindi kayo namatay kasama ng inyong mga denominasyon. Mga buhay kayo ngayon, at nasa Presensiya ng Diyos.")

Malapit na, huwag ninyong palampasin ito. Ika-25 na talata, ngayon, nang sila'y pumapasok na sa lupain, ngayon masdan kung ano ang nangyari.

> At *pagka ikaw* ay *nagkaanak, at nagkaanak ang inyong mga anak, at* kayo. . .*nagluwat kayo ng malaon sa lupaing yaon, at nagpakasama kayo,* (iyan ang nangyari), *at gumawa*. . .*mga* larawang *inanyuan* (iba pang bagay), *na kahawig ng anumang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin ng Panginoon mong Dios, upang mungkahiin ninyo siya sa kagalitan:* (Makinig!)
>
> *At aking tinatawag ang* langit *at anga lupa upang sumaksi laban sa inyo sa araw na ito,* kita n'yo, *na* kayo'y *malilipol na madali na walang pagsala sa layunin,* na kayo'y, *tinutungo ng pagdadaan sa Jordan,* o kayo'y ang kinaroroonan *upang ariin; hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi* kayo'y *lubos na malilipol.*

187 Si Moises ito na nangungusap sa Israel, matapos patunayan siya ng Diyos, sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, at nalamang pinatotohanan siya sa pagiging isang lingkod ng

Diyos na pangunahan sila palabas. At bago sila pumasok sa lupain, bago pa sila pumasok, ang sabi ni Moises, “Ngayon, ang mga salitang aking ipinangungusap sa inyo, ay tinatawag ko ang langit at ang lupa upang sumaksi laban sa inyo. Kung iyong daragdagan ng anuman Ito, o babawasan ng isang Salita mula Dito, hindi kayo tatagal sa lupain kung saan ibinigay ng Panginoon ninyong Diyos sa inyo.”

Kung kaya ganon din ang sasabihin Ko sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Huwag ninyong dadagdagan ng isa man ito. Huwag ninyong babawasan, ilalagay ang inyong kaisipan Dito. Sasabihin n’yo lamang kung ano ang sinabi sa mga teyp na iyon. Gawin n’yo lamang ng tamang-tama kung ano ang sinabi ng Panginoong Diyos na iniuutos na inyong gagawin. Huwag kang magdagdag Dito.

188 Palagi niyang, iniingatan ang Kaniyang pangako sa atin. Bawat pangako na Kaniyang ginawa, iningatan Niya ito. Sinabi na ba Niya sa inyo kung ano ang mangyayari, at ito ba ay nangyari? Tinatawag ko ang sangkalangitan at lupa sa inyong harapan sa araw na ito, sa isang hamon. Alin bang bagay na sinabi ng Diyos na hindi Niya tinupad at ginawang ganap kung ano ang sinabi Niya na gagawin Niya para sa atin? Hindi ba Niya ginawa ito sa paraang sinabi Niya na Kaniyang gagawin ito? Tamang-tama iyan. Kung kaya ipagpatuloy Niyang gagawin ito. Huwag mo lamang dagdagan Ito. Huwag mong bawasan Ito. Sampalatayanan lamang Ito at lumakad na may pagpapakumbaba sa harapan ng Panginoon ninyong Diyos, sapagkat nalalapit na tayong pumasok sa Lupain.

Kung magkaganon, hindi ka na babalik, hindi ka na babalik sa ganitong uri ng buhay muli. Babalik ka bilang isang taong walang kamatayan. Babalik kang muli, kapag ang kasalanan ay inalis na, kapag gagapusin na si Satanas, at sa isang libong taon ay mamumuhay ka sa ibabaw ng lupang ito na ibinigay ng Panginoon mong Diyos sa inyo. “Sapagkat ang maaamo ay magmamana ng lupa.” “Mapalad siya na gumagawa nang lahat ng Kaniyang utos, na mayroon Siyang karapatan upang pumasok sa Lungsod.” “Sapagkat ang nasa labas ay ang mga mangkukulam, mga sinungaling, mga mapakiapid, at mga aso. Hindi sila makapapasok doon.” Ito’y para lamang sa mga Tinubos, at doon sa mga lumalakad sa Kaniyang mga utos.

189 Huwag kayong kumuha ng anumang bagong bagay. Nagkalat ang mga ito kung saan-saan, at mas marami pang mga darating. Subalit huwag kayong kumuha ng mga bagong bagay na ito.

Ang Panginoon ninyong Diyos ay ipinahayag na sa inyo kung ano ang Katotohanan. Pinatunayan na ng Panginoon ninyong Diyos kung ano ang Katotohanan, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu. “Hindi sa

pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu." At, ang Espiritu, "Hinahanap ng Diyos yaong mga sumasamba sa Kaniya sa Espiritu at katotohanan." "Ang Iyong Salita ay Katotohanan." At lubusan Niyang pinatunayan na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipinakita Niya ang pang-gabing mga Binhi sa inyo. Ipinahayag Niya Ito sa inyo, doon sa Salita. Pinatotohanan Niya Ito sa inyo, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu.

190 Huwag na huwag kayong mag-uumpisa o sumubok man ng isang organisasyon. Huwag subukang magtayo sa ibabaw ng alinmang bagay.

Sa halip ay manatiling mapagpakumbaba sa harapan ng Panginoon ninyong Diyos, sapagkat para bang malapit nang mabuksan ang mga pintuan papasok sa ipinangakong Lupain. Kung magkaganon ay papasok tayo na mayroong tunay na pag-aawitan at pagsasaya, kapag umupo na sa kaniyang dako ang Nobya at Nobyo doon sa Luklukan.

191 Mamuhay nang may kapakumbabaan. Mamuhay nang mapagmahal. Mahalin ang bawat isa. Huwag hayaang walang makuha ang bawat isa sa inyo. Kung nakikita ninyong mayroong isang bagay na ipinahihiwatig ang inyong puso laban sa isang kapatid, ilabas ninyo agad iyon doon. Huwag hayaang . . .

At gagawin ni Satanas ang lahat niyang makakaya upang makapasok sa inyong kalagitnaan. Kita n'yo? Huwag n'yong payagang mangyari iyon. Ilang mga taong may mapandayang dila ang maaaring makihalubilo at susubukang ilayo kayo Dito. Ipinapalagay n'yo ba na mapapamalian nila si Moises sa Presensya ng Diyos, kung saan nakatayo siya roon at nakita niya Ito? Hindi po, ginoo. Hindi. Wala tayong maibabawas mula Dito o maidagdag Dito. Panatilihin Ito sa paraan na sinabi ng Panginoon. Hindi natin gusto ang denominasyon. Hindi natin gusto ang mga organisasyon. Hindi natin gusto ang anumang malisya. Hindi natin gusto ang anumang pagtatalu-talo. Gusto natin ang Diyos, at Siya ang Salita.

Ngayon ating iyuko ang ating ulo.

192 O Diyos, tiningnan ko ang paligid sa pamamagitan ng espirituwal na mata, sinisikap kong makita kung ano ang nangyayari. Nakita ko ang Iyong Salita, kung paano Ito pinatunayan, kung paano ito pinatotohanan; mula pa noong may tatlumpong taon na ang nakalipas, hanggang dito sa ilog, sa kung ano ang Iyong sinabi. At narito ito, makalipas ang tatlumpu't tatlong taon, at ginagawa Mo lamang kung ano ang Iyong sinabi. At ginawa Mo kung ano lang ang iyong sinabi. Panginoon, ilayo nawa sa amin ang subukang paliitin Ito o subukang palakihin Ito; panatilihin lamang namin Ito

kung paano Mo ginawa Ito, lalakad lamang kami na may kapakumbabaan at sumunod sa Iyo.

193 Sila ang mga ito, Panginoon, na Iyong ibinigay sa ministeryo, maliban doon sa mga nangatulog sa buong bansa, sa buong mundo. Pinipigilan ng mga libingang ito ang marami sa kanila na nangaghihintay, mapapalad na mga banal. Subalit ayon sa pagkakasabi nito, "Tayong nangabubuhay at mga nangatitira ay hindi makapipigil doon sa kanila na nangatutulog. Ang trumpeta ay tutunog, babangong muna ang mga patay; at kung magkaganon aagawin tayong kasama nila." Kapag ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa ibabaw na ng mundo, ikukubli nito ang Iglesia palayo sa mundo. Ni hindi Ito makikita kapag aalis na Ito.

194 Amang Diyos, ingatan Mo po ang mga ito sa Iyong mga kamay. Sa Inyo sila. Idinadalangin ko, Diyos, na sa tuwina'y lalakad kami na may kapakumbabaan sa Iyong harapan. Hindi namin alam kung gaano katagal. Hindi namin ninanais na malaman kung gaano katagal; hindi ito ang aming gawain. Gawain Mo iyon. Hindi namin niloloob na malaman kung kailan Ka darating. Nasa aming kalooban ito, Panginoon, na manatiling nagpakumbaba hanggang sa Iyong pagdating, at lumakad na kasama ka. Ninanais namin na Iyo lamang hayaang ipakilala ang Iyong sarili, paminsan-minsan, Ama, sa gitna namin, na makita naming nananatili kaming lumalakad na kasama Ka.

195 Patawarin Mo kami sa aming mga nagdaang kasalanan. Gabayan kami at ingatan kami sa bawat bitag ng diablo, sa hinaharap. Pangunahan kami at gabayan kami, O Diyos aming Ama. Patawarin ang aming mga kasalanan at tulungan kaming maging Iyong mga anak. Nasa antas kami ng mahihirap na mga tao. Mga itinatakuwil kami, ng mga lipunan ng mundong ito, sa pamamagitan ng mga denominasyon ng mga simbahan.

Nakikita namin ang wakas. At pinasasalamatan Ka namin dahil sa espirituwal na paningin sa Iyong Salita, upang makita ang huling panahon, sapagkat kinakailangang dumating ang lahat ng mga ito doon sa dakilang pagbabatong iyon mula sa Langit. Tulungan kami, Panginoon, na wala na kami dito sa araw na iyon, kundi maglalaho kami tungo sa Iyong Presensiya, lumipad tungo sa Iyong kandungan.

196 Pagalingin ang maysakit at ang nagdadalamhati, Panginoon. Idinadalangin namin na ibigay Mo sa amin ang isang dakilang paglilingkod sa gabing ito, na huwag nawang magkaroon ng isang mahinang-loob na tao sa aming kalagitnaan, dahil sa Iyong Presensiya, Panginoon. Patuloy nawa ang aming mga puso na nakatuon sa Iyo. At alam namin, Panginoon, na ang pera, ari-arian, mga bagay ng mundo ay walang mga kabuluhan, mga pansamanatala lamang. Lahat ng mga ito ay lilipas. Ang aming

mga trabaho, ang aming mga lugar, ang aming mga kaibigan, mawawala ang lahat. Kahit gaano kayaman, gaano kahirap, gaano kasikat, o hindi gaanong sikat kayo, lahat ng ito'y lilipas. Subalit mayroon lamang isang bagay dito na nakatuon ang aming katauhan, at si Jesus Cristo iyon. Kung kaya, Panginoon, hayaang aming isantabi ang lahat ng bagay bilang pangalawa lamang, at kumapit sa Kaniya. At Siya ang Salita. Itulot ito, Panginoon.

197 Ang pinatunayang Salita ng panahon! Ang pinatunayang Salita sa kaarawan ni Moises ay si Jesus. Ang pinatunayang Salita sa kaarawan ni Isaias, Elias, Juan, lahat sila, ay si Jesus. At ang pinatunayang Salita sa araw na ito ay si Jesus, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tulungan kami, Panginoon, na sampalatayanan iyan, na makita iyan, at lumakad dito. Amin—aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus.

198 Habang nakayuko ang ating mga ulo, hindi ko alam kung mayroon dito sa loob na hindi pa ganap na naniniwala sa isang dakila, bukal ng lahat. . . Paniniwalaan Ito, ngunit hindi sapat ang paniniwala lamang Dito.

Naniniwala ako na isang mabuting babae ang aking asawa. Kilala ko ang kaniyang ama, ang kaniyang ina. Kilala ko siya sa napakaraming taon. Namumuhay siya ng isang matuwid na buhay. Naniniwala akong isa siyang mabuting babae, ngunit hindi iyon nangangahulugang akin na siya. Hindi siya naging akin hangga't, siya, tinatanggap ko siya, at tinanggap niya ako.

Ngayon nais ni Jesus na tanggapin ka. Hindi mo ba Siya tatanggapin at maging bahagi ng Kaniyang Salita? Kung hindi mo pa nagagawa iyan, habang nakayuko ang inyong mga ulo at nakayuko ang inyong mga puso, umaasa ako . . .

199 Wala tayong lugar para sa gustong lumapit dito sa altar. Hindi naman ako masyado sa ganiyang mga bagay, maski paaano. Naniniwala akong dadalawin kayo ng Diyos mismo kung saan kayo naroroon. Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, at sabihing, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa panalangin. Nais kong gawin iyan." Pagpalain kayo ng Diyos. "Ako . . . " Pagpalain ka ng Diyos. Naku, mga kamay kahit saan! "Nais kong maging tulad niyan." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka, kapatid; lahat kayo naririto. "Nais kong maging ganiyan." Pagpalain ng Diyos . . . "Talagang nais kong maging ganiyan. Ako—Ako makikita ko ito."

Buweno, ngayon, tingnan, kaibigan, maaaring may isang maliit na bagay doon . . . Kung hindi kayo iyon, kung ganon mayroong isang bagay na kayo'y nakatuon maliban doon. Kayo nga'y napakalapit dito, tinitingnan n'yo ito. Nakikita ninyo ito. Nakita n'yo na ito sa maraming taon, patuloy na kumikilos. Nakikita n'yong gumugulang na ito ngayon. Kung nangangahulugan iyon ng lahat sa atin, at wala nang iba pang

tatagal maliban Diyan, bakit hindi mo lamang ibaling ang iyong isipan mula sa bagay na iyon na iyong hinahanap at ituon ang iyong sarili sa Kaniya? Na, ang sentro nang lahat ng buhay, ang lahat mula ngayon, ay Siya. Gagawin ba ninyo ito, habang sama-sama tayong mananalangin?

200 Mahal naming Diyos, habang ang mga kamay ng mga kalalakihan, ng mga kababaihan, ng mga kabataang lalaki, at mga kabataang babae, pati mga ministro, ay itinataas ang kanilang mga kamay. Sila—nais nila na—na sabihing gusto nilang nakasentro mismo sa Panginoong Jesus, at para bang hindi nila ito kayang gawin. May isang bagay na humahatak sa kanila sa *ganitong* paraan, sa *ganoong* paraan. Maaaring isang denominasyon iyon, maaaring isang tao iyon, maaaring isang kasalanan iyon, maaaring isang bagay ito na itinatago nila sa kanilang mga puso. Hindi ko alam, Panginoon. Ikaw lang ang nakaaalam. Anuman ito, ngayon na sana, Panginoon, habang tinatawag Mo ang iba pa . . . Tapos Mo nang tinawag sila. Mga Iyo sila.

At habang Iyong tinatawag sila, kumawala nawa sila mula diyan, iyang kasalanang iyon na laging pumipigil sa atin, gaya ng sinabi ng Biblia. "Lumayo sa kasalanan iyon na laging pumipigil sa atin, na nawa ating takbuhin ng may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, na masdan kay . . . " Kanino, sa ating trabaho, sa ating denominasyon, sa ating pag-anib, sa mga konseho? "Kay Cristo na siyang may akda at nagsasakdal ng ating pananampalataya sa Kaniya." Gawin iyan, Ama, para sa amin sa araw na ito, sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan at sa Kaniyang kaluwalhatian.

201 Ngayon, sila'y Iyo, Panginoon. Gawin sa kanila ang Iyong nakikitang nararapat sa kanila. Gawin sa amin ang Iyong nakikitang nararapat sa amin. Kami'y Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mahal ko Siya, mahal ko Siya
Pagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

202 Nakalimutan ba ninyo ang tungkol sa hapunan? Nakalimutan ba ninyo kung maayos ba ang lahat ng mga bata, doon sa kotse sa labas, o hindi? Nakalimutan ba ninyo ang lahat tungkol sa inyong nakaraan, at napagtanto kung ano iyang inyong nararamdaman ngayon? Naging makatotohanan ito sa inyong harapan, sa araw-araw. Kita n'yo? Hayaan n'yong iyon ang maging sentro ng anuman. Hayaang umalis ang lahat nang mga bagay; maglalaho sila, paano man.

Oh, mananatili lamang sa pagsunod sa Kaniya! Kita n'yo? Kung paanong si Eliseo na sumunod kay Elias, sundan natin Siya. Sapagkat aagawin din tayo, isang araw. Nakita natin

ang karo ng Apoy na nag-angat sa Kaniya mula sa libingan. Nararamdaman natin Ito sa ating kalagitnaan ngayon. Isang araw kakalagan Niya ang mga kabayo mula sa mga palumpong. Papailanglang tayo. Hindi mo ba Siya mahal?

At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

Oh, maaari mo bang basta ipikit na lamang ang iyong mga mata at tingnan Siyang nakabayubay doon?

Mahal ko Siya, (sino pa ba ang maaari kong mahalin?) Mahal ko Siya
Pagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasaan
Sa puno ng Kalbaryo.

203 Bawat panahon na umuuwi ako, may isang taong nawawala. Mawawala ako ng ilang mga buwan, pagbalik ko, may isang taong nawawala. Nalulungkot ako sa tuwing darating ako.

Noong isang araw, isang batang lalaki na kasama kong pumasok sa eskuwelahan, bumabagtas sa daan, ang sabi niya, "Kumusta, Billy."

204 Tiningnan ko siya, dati siyang isang maliit na matipunong lalaki, makintab na napaka-itim na buhok na sinuklay pabalik; ngayon kasing puti na ng niyebe. Dati siyang mabikas kung tumindig; ang nakausling tiyan na tulad *nito*. Ang sabi ko, "Kumusta, Jim." Tiningnan ko siya.

Nararamdaman ko sa aking puso, naisip ko, "Diyos, ang batang iyon at ako, ang taong 'yon at ako, ay magkasing-edad."

At, nalalaman Ko na bilang na ang mga araw ko. Alam kong hindi na ito magtatagal pa. Tumingin ako sa paligid, at nag-isip, "Ano ang aking magagawa, Panginoon? Tulungan ako. Ayaw kong manguna sa Iyo. Nais kong manatili sa—sa Iyong likuran. Ikaw ang manguna sa aking daan." Tumingin ako, at nag-isip, "Limampu't-anim na taong gulang, oh, naku, hindi na magtatagal!"

205 At tumingin ako rito, nakita ko ang aking mabuting kaibigan na si Bill Dauch na nakupo doon, pitumpu't-dalawa o pitumpu't-tatlong taong gulang. Tumingin ako sa paligid, napansin Ko ang mga batang ito, iniisip nila na, "Aba'y, hihintayin ko hanggang tumanda Ako tulad ni Kapatid na Branham, iisipin ko iyon." Mahal ko, maaaring hindi mo na iyon makikita. Lubos akong nag-aalala na makikita n'yo pa ito. Kita n'yo? Ngunit, isipin na lang, kung nabubuhay si Kapatid na Bill Dauch sa araw na ito, malalampasan niya ang mga daan-daang tag-labinglima, tag-labing-anim na taong gulang na tao. Naghihingalo sila sa bawat oras.

Kung kaya anong kaibahan ang magagawa nito anuman ang maging edad mo! Ano ang iyong ginagawa tungkol sa panahon

na iyong pinamumuhayan? Ano ang iyong ginagawa para kay Jesus sa oras na ito? Kita n'yo? Oh, nais kong makita Siya. Nais kong makita ang oras na aking tinitingnan at nakikita ang lahat ng mga dating katawang ito na nagbagong-anyo, makita silang "nabago sa isang sandali, sa isang kisap." Kung hindi iyon ganon, tayo kung ganon ang pinakahangal na mga tao; kumain, uminom, at magsaya, sapagkat mamamatay tayo bukas; kita n'yo, katulad lang tayo ng isang hayop, mamamatay ka at pupunta sa lupa at ganoon lang. Subalit mayroong isang namamatay . . . hindi namamatay na kaluluwa na nasa inyo, kapatid. Nangyaring narinig natin mula sa Langit. Nangyaring nakita namin itong napatunayan. Alam nating Siya iyon, at isang tagapagbigay-ganti sa mga sa Kaniya'y masigasig na nagsisihanap.

Ngayon, mga sangkap ng Katawan ni Cristo, habang muli nating aawitin iyon, nais kong maupo na lang kayo sa inyong mga upuan at magkamayan ang bawat isa habang muli nating awitin iyon.

> Mahal . . . (batiin ang inyong kapatid na lalaki,
> at babae) Mahal ko Siya
> Pagkat . . . (Richard!) . . . ako
> At binili ang aking kaligtasan
> Doon sa puno ng Kalbaryo.

206 Mahal ba ninyo Siya? Magsabing, "Amen," [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Mahal ba ninyo ang Kaniyang Salita? Magsabing, "Amen." ["Amen!"] Mahal ba ninyo ang Kanyang layunin? Magsabi, "Amen." ["Amen!"] Mahal ba ninyo ang Kaniyang Katawan? Magsabi, "Amen" ["Amen."] Kung ganon, mahalin ninyo ang isa't-isa. Amen! Tama iyan. "Malalaman ng lahat ng tao na mga alagad Ko kayo, kung mayroon kayong pag-ibig sa isa't-isa."

Ngayon pinatungan ko ng aking mga kamay ang mga panyong ito, kung kinakailangang kuhanin ninyo ang mga ito mamaya bago gumabi.

207 Tatawagin ko si Kapatid na Richard Blair . . . Tinugon ng Diyos ang kaniyang panalangin, siya at ang isang kapatid dito, nananalangin noon isang araw, para ibalik muli ang batang lalaking ito na nakaupo sa gitna natin ngayon, iyon ay isang buhay, sapagkat may pananampalataya sila sa Diyos. At ngayon tatawagin ko siya upang magtapus sa atin ng panalangin, sa ilang sandali lang, upang makabalik tayong muli mamayang gabi.

Mga limang minuto makalipas ang alas dose, sa orasang iyon. At nais kong bumalik kayo mamayang gabi, kung magagawa ninyo, kung naririyan lang kayo sa palibot. Kung kinakailangan ninyong umuwi, sumainyo ang Diyos sa inyong daan, at tulungan kayo, at ingatan kayo. Kung makakapanatili

kayo, at sa nais manatili, malugod namin kayong tinatanggap na manatili. Sumasainyo ang Diyos ngayon.

Hanggang sa muli! Hanggang sa muli!
Hanggang . . . (itaas natin ang ating mga kamay
sa Kaniya) . . . magkikita sa paanan ni Jesus;
Hanggang sa muli! Hanggang sa muli!
Ang Dios ang magpala hanggang sa muli.

[Nag-umpisang humimig si Kapatid na Branham ng *Sumainyo ang Dios*—Pat.] Iyan ang paraan sa paglisan sa bahay ng Diyos, madalanginin, may kababaan, at umaasang magkikita tayong muli mamayang gabi. Kung hindi man, "Sumainyo ang Diyos hanggang sa muli!"

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Kapatid na Blair.

*NAGSISIKAP NA GUMAWA NG PAGLILINGKOD SA DIYOS NA WALA SA KALOOBAN NG DIYOS* TAG65-0718M

(Trying To Do God A Service Without Being The Will Of God)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 18, 1965, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

TAGALOG

©2000 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org